# Daan

# Katotohanan

# Buhay

## Mga Aralin sa Pagdidisipulo
## Para sa Mga Bagong
## *Nazarene*

## Aklat 2

Philippine Micronesia Field Office
Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary
Ortigas Avenue Extension, Kaytikling
Taytay, 1920 Rizal, Philippines

Copyright @ 2023 by Literature Department
Literature Department, PMFO
Ortigas Avenue Extension, Kaytikling
Taytay, 1920 Rizal, Philippines

Ang edisyong ito ay may pagsasaayos na inilathala sa
PMFO Literature Department
sa pangkalahatang patnugot ni Jason V. Hallig
Nakalaan ang lahat ng karapatan

Walang bahagi ng publikasyon na ito ang maaaring kopyahin, maiimbak sa isang lugar na maaaring kunin, o mailipat sa anumang anyo o paraan nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng tagapaglathala, halimbawa sa pag-scan, pagkopya, at pagtala. Ang tanging eksepsiyon lamang ay ang maikling mga sipi sa mga naka-limbag na pagsusuri.

# MGA NILALAMAN

Panimula

**ANG ATING KASAYSAYAN: "Sino ba tayo?"**

1. Ang Makasaysayang Kristiyanong Simbahan
2. Pagkakaisa ng mga Simbahang Naniniwala sa Kabanalan
3. Isa Tayong Pandaigdig na Simbahan
4. Mga Pag-uugat at Muling Pagbibigay-buhay (1920-1970)
5. Pagkabahala at Pagpapalaganap (1957-1996)
6. Mga Pagbabagong-Kalagayan at Pag-asa (1995-2021)

**ANG ATING PANANAMPALATAYA: "Ano-ano ang ating mga paniniwala?"**

7. Ang Sangtatlong Diyos, Jesu-Cristo, at ang Banal na Espiritu
8. Pagkasiha, Kasalanan, at Pagbabayad-sala
9. Ang kagandahang-loob ng Diyos, Ang Pagsisisi, at Ang Katuwiran, Muling Pagbibigay-buhay, at Pag-aampon
10. Ang Ganap na Pagpapabanal
11. Ang Simbahan, Bawtismo, at Ang Hapunan ng Panginoon
12. Mula sa Diyos na Pagpapagaling, Ang Pangalawang Pagdating ng Panginoon, at Ang Muling Pagkabuhay, Paghuhukom, at Patutunguhan

**ANG ATING PAMAMAHALA: "Ano ang pamamaraan ng ating pamumuno?"**

13. Ang Pagiging Kasapi
14. Ang Ating Pangako

15. Pamamahalang Kinatawan
16. Pangkalahatang Pagtitipon
17. Pangkalahatang Superintendente
18. Mga Pagbabago

**ANG TIPAN NG KRISTIYANONG PAG-UUGALI: "Papaano tayo namumuhay?"**

19. Ang Bago at Banal na Pamumuhay
20. Mga Dapat Iwasan
21. Ang Kabanalan ng Buhay ng Tao
22. Ang Kabanalan ng Sekswalidad ng Tao
23. Ang Pangangasiwa
24. Panuntunan Para sa mga Opisyal ng Simbahan

# PANIMULA

Ang tawag ni Jesus na sumunod sa kanya ay hindi nagtatapos sa pananalig lamang sa kanya. Sa halip ito ay nagpapatuloy sa ating buhay sa kanyang simbahan. Ang pagiging kabahagi ng kanyang simbahan ay mahalagang hakbang sa patuloy na pagdidisipulo. Ang pananampalataya ay hindi lamang nagpapahayag ng ating pananalig kay Jesus, kundi gayon din ng ating pakikibahagi sa kanyang mga tao—ang simbahan.

Ang simbahan ng Panginoon ay pangunahing nakikita sa lokal na simbahan. Ang lokal na simbahan ang nagsisilbing ating pangunahing tahanan para dito tayo maalagaan at lumago sa ating pananampalataya. Mahalaga ang tungkulin ng lokal na simbahan sa ating pagsunod kay Jesus.

Ang *Church of the Nazarene* ay isa sa mga sangay ng pangkalahatang simbahan ng Panginoon. Bawa't simbahan ay may natatanging pagkakilanlan at mga katangian sa pananampalataya at pamumuhay. Iyong matutuklasan ang mga mahahalagang kaalaman patungkol sa *Church of the Nazarene*, mula sa kasaysayan natin hanggang sa mga natatanging pag-uugali natin. May apat na bahagi ang aklat na ito ng pagdidisipulo para sa mga bagong *Nazarene*:

1. Ang Ating Kasaysayan:
   Sino ba tayo?
2. Ang Ating Pananampalataya:
   Ano-ano ang ating mga paniniwala?
3. Ang Ating Pamamahala:
   Ano ang pamamaraan ng ating pamumuno?
4. Ang Ating Tipan ng Kristiyanong Pag-uugali:
   Papaano tayo namumuhay?

Malugod at may pagmamahal ang aming pagtanggap sa iyo bilang kapamilya. Hangad namin na tayong lahat ay maging pagpapala sa isa't isa. Halina at tuklasin ang iyong bagong pamilya na bahagi na iyong bagong buhay ngayon kay Cristo Jesus.

**TALA**: Ang mga nilalaman ng mga aralin dito ay isang saling sipi mula sa manwal ng *Church of the Nazarene* (Tingnan sa https://2017.manual.nazarene.org/) at mga buod na bahagi ng "Banal Na Apoy: Ang Jubileong Kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas" sa panulat nila Jason V. Hallig, Pangkalahatang Patnugot, Floyd T. Cunningham, at Ernesto N. Rulloda. Para sa mas detalyado at kumpletong kaalaman, hiwalay na basahin ang mga ito.

# ANG ATING KASAYSAYAN
## Sino ba tayo?

# 1

# Ang Makasaysayang Kristiyanong Simbahan at Ang Pamanang *Wesleyan-Holiness*

Ipinapahayag mismo ng *Church of the Nazarene* na ito ay kabahagi ng "isa, banal, katoliko [o pandaigdigan], at apostolikong," simbahan, na may pagyakap bilang kabahagi ng kasaysayan ng mga tao ng Diyos na nakasulat sa mga Luma at Bagong Tipan at ng mga tao ng Diyos sa mga nag-daang kasaysayan, sa lahat ng mga pahayag nito bilang Simbahan ni Cristo. Tinatanggap ng ating denominasyon ang mga *credo* ng unang limang siglo bilang bahagi ng pananampalataya nito. Kinikilala natin ang makasaysayang simbahan sa pangangaral ng Salita, pagsasagawa ng mga sakramento, pagpapanatili sa ministeryo ng apostolikong pananampalataya at gawain, at isinasabuhay ang mga disiplina ng pamumuhay at paglilingkod na katulad-ni-Cristo. Pinakikinggan ng ating denominasyon ang biblikal na tawag sa banal na pamumuhay at ganap na pagtatalaga sa Diyos, na ating ipinapangaral sa pamamagitan ng teolohiya ng ganap na pagpapabanal.

Ang ating Kristiyanong pamana ay ipinasa sa pamamagitan ng ika-16 siglo ng Repormasyon sa Inglatira at ika-18 siglo ng *Wesleyan Revivals*. Sa pamamagitan ng pangangaral ni John at Charles Wesley, ang mga tao sa Inglatira, *Scotland*, *Ireland*, at *Wales* ay tumalikod sa

mga kasalanan at binigyan ng kapangyarihan para sa Kristiyanong paglilingkod. Ang muling pagbibigay-buhay na ito ay may katangian ng mga sumusunod, sa pamamagitan ng pangangaral, pagpatotoo, disiplina, at mga kasapi sa tunay na mga alagad na kilala bilang "sosyodad," "mga klase," at "mga banda." Ang mga teyolohiyang palatandaan ng muling pagbibigay-buhay sa *Wesleyan* ay ang mga: katuwiran sa pamamagitan ng pananalig; pagpapabanal, o Kristiyanong kasakdalan, ay gayun din sa pamamagitan ng pananalig; at ang pagsaksi ng Espiritu sa katiyakan ng kagandahang-loob ng Diyos. Kasama sa mga natatanging ambag ni John Wesley ay ang pagbibigay diin sa ganap na pagpapabanal bilang mabuting kaloob ng Diyos para sa Kristiyanong pamumuhay. Ang pagbibigay diin sa mga ito ay ikinalat sa buong mundo. Sa Hilagang Amerika, ang *Methodist Episcopal Church* ay inorganisa noong 1784 "para baguhin ang Kontinente, at ipalaganap ang kabanalan ayon sa Kasulatan sa mga kalupaan nito.

Isang bagong pagdidiin sa Kristiyanong kabanalan ang napaunlad sa kalagitnaan nang ika-19 siglo. Napukaw ang interes ni Timothy Merritt ng *Boston, Massachusetts, USA*, bilang patnugot ng Gabay sa Kristiyanong Kasakdalan. Pinangunahan ni Phoebe Palmer ng *New York City, New York, USA*, ang mga Pagtitipon Tuwing Martes para sa pagpapalaganap ng Kabanalan at siya ay naging tanyag na tagapagsalita, manunulat, at patnugot. Noong 1867, sinimulan ng mga Metodistang tagapangaral na sila, J. A. Wood, John Inskip at iba pa, sa *Vineland, New Jersey, USA*, ang unang mahabang serye ng *Holiness camp meetings* na nagpabago sa paghahanap ng kabanalan sa buong mundo ayon sa katuruan ng mga *Wesleyan*. Binigyang diin ng mga *Wesleyan Methodists, Free Methodists, the Salvation Army*, at mga *Mennonites, Brethren*, at mga *Quaker* ang Kristiyanong kabanalan. Dinala ng mga ebanghelista ang samahang ito sa *Germany, the United Kingdom, Scandinavia, India*, at *Australia*. Mga bagong simbahan ng kabanalan ang sumibol, kasama na ang *Church of God* (*Anderson, Indiana, USA*). Lumago ang mga Simbahan ng kabanalan, Misyon sa mga lungsod, at mga Samahan ng mga misyonero sa pamamagitan ng mga pagpapagal ng mga ito. Ang *Church of the*

*Nazarene* ay ipinanganak mula sa udyok na makiisa sa marami sa mga ito na maging isang simbahan ng kabanalan.

# 2

# Pagkakaisa ng mga Simbahang Naniniwala sa Kabanalan

Inorganisa ni Fred Hillery ang *People's Evangelical Church* (*Providence, Rhode Island, USA*) noong 1887. Sumunod ang *Mission Church* (*Lynn, Massachusetts, USA*) noong 1888. Kasama ang walong iba pang kongregasyon, binuo nila sa *New England* ang *Central Evangelical Holiness Association* noong 1890. Si Anna S. Hanscome ay inordinahan noong 1892, siya ang unang babaeng inordinahang manggagawa sa angkan ng *Nazarene*. Nang 1894-1895, inorganisa ni William Howard Hoople ang tatlong kongregasyong naniniwala sa kabanalan sa *Brooklyn, New York, USA*, na siyang bumuo sa *Association of Pentecostal Churches of America*. Ang salitang "Pentecostal"ay halintulad lang na salita para sa "Kabanalan" ayon sa mga ito at ibang mga nagtatag ng *Nazarene*. Ang mga grupo ni Hillery at Hoople ay nagsanib noong 1896, nagtatag ng gawain sa *India* (1899) at *Cape Verde* (1901), at si Hiram Reynolds naman na nagsilbing ehekutibo ng misyon noon ay nag-organisa ng mga kongregasyon sa *Canada* (1902). Ang grupo ay umabot mula *Nova Scotia*, *Canada* hanggang *Iowa, USA* noong 1907.

Inorganisa ni Robert Lee Harris ang *New Testament Church of Christ* sa *Milan, Tennessee, USA* noong 1894. Pinalago naman ito ng kaniyang maybahay na si Mary Lee Cagle sa dakong kanluran ng *Texas, USA*, noong 1895. Si C. B. Jernigan ang nag-organisa sa

kauna-unahang *Independent Holiness Church* sa *Van Alstyne, Texas, USA*, noong 1901. Nagsama-sama ang mga simbahang ito sa *Rising Star, Texas, USA* (1904), para buuin ang H*oliness Church of Christ*. Nang 1908, sila ay umabot mula *Georgia, USA*, hanggang *New Mexico, USA*, na naglingkod sa mga pinagtabuyan ng sosyodad at sa mga nangangailangan, sumupurta sa mga naulila at sa mga walang asawang ina, at may mga manggagawa rin sila sa India at Japan.

Sila Phineas F. Bresee and Joseph P. Widney, kasama ang humigit kumulang 100 iba pa, ang nag-organisa ng *Church of the Nazarene* sa *Los Angeles, California, USA* noong 1895. Pinanghawakan nila na ang mga Kristiyanong pinabanal sa pamamagitan ng pananalig ay dapat na sumunod sa halimbawa ni Cristo at mangaral ng mabuting balita sa mga mahihirap. Pinaniniwalaan nila na ang kanilang mga oras at salapi ay dapag ibigay sa mga gawaing katulad-ng-kay-Cristo para sa kaligtasan ng mga kaluluwa at para sa kaluwagan ng mga nangangailangan. Ang *Church of the Nazarene* ay kumalat lamang sa kanlurang bahagi ng baybayin ng Amerika, kasama ang ibang mga kongregasyon sa silangang bahagi ng *Rocky Mountains* hanggang sa *Illinois, USA*. Kanilang tinulungan ang lokal na misyon sa *Calcutta, India*.

Nang Oktubre 1907, ang A*ssociation of Pentecostal Churches of America* at ang *Church of the Nazarene* ay magkasamang nagpulong sa *Chicago, Illinois, USA*, para hubugin ang isang pamamahalang simbahan na bumabalanse sa kapangyarihan ng pagka-superintendente kasama ang mga karapatan ng kongregasyon. Ang mga superintendente ang mangangasiwa at mangangalaga sa pagtayo ng mga simbahan, mag-oorganisa at magpapalakas sa mga bagong simbahan, nguni't hindi sila dapat makialam sa independenteng mga hakbang ng isang organisadong simbahan. Nakilahok ang mga delegado mula sa *Holiness Church of Christ*. Tinanggap ng kauna-unahang Pangkalahatang Pagpupulong [*General Assembly*] ang pangalang hango sa dalawang organisasyon: *Pentecostal Church of the Nazarene*. Sila Bresee at Reynolds ang mga nahirang na mga Pangkalahatang Superintendente [*General Superintendents*].

Nang Septiyembre 1908, nakipag-isa ang *Pennsylvania Conference* ng *Holiness Christian Church*, sa pamumuno ni H. G. Trumbaur, sa mga *Pentecostal Nazarene*.

Nang Oktubre naganap ang Pangalawang Pangkalahatang Pagpupulong sa *Pilot Point, Texas, USA*, kasama ang Pangkalahatang Konseho ng *Holiness Church of Christ*. Nang araw ng Martes, ika-13 ng Oktubre, iminungkahi ni R. B. Mitchum, at pinangalawahan naman ni C. W. Ruth ang panukala: "Na ang pagsasama ng dalawang simbahan ay mangyari na." Nagpatuloy na nagpagal si Bresee para mangyari ito, at sa oras ng 10:40 ng umaga, sa gitna nang kasiglahan, ang mungkahi na magsama ay tinanggap sa isang nagkakaisa at lumalaking boto.

Sa pangunguna ni J. O. McClurkan, nagka-isa ang *Pentecostal Mission* na binuo sa *Nashville, USA* noong 1898 at mga naniniwala sa kabanalan mula *Tennessee* at mga kalapit na estado sa *USA*. Sila ay nagpadala ng mga pastor at mga guro sa *Cuba, Guatemala, Mexico,* at *India*. Noong 1906, si George Sharpe ay pinaalis ng *Parkhead Congregational Church* sa *Glasgow, Scotland*, dahil sa pangangaral ng katuruan ng *Wesleyan* patungkol sa Kristiyanong kabanalan. Ang *Parkhead Pentecostal Church* ay nabuo, ang iba pang mga kongregasyon ay na-organisa, at ang *Pentecostal Church of Scotland* ay natatag noong 1909. Ang *Pentecostal Mission* at *Pentecostal Church of Scotland* ay sumama sa mga *Pentecostal Nazarenes* noong 1915.

Binago ng ika-limang Pangkalahatang Pagpupulong (1919) ang opisyal na pangalan sa *Church of the Nazarene* dahil sa mga bagong kahulugan na naka-ugnay sa salitang "*Pentecostal*."

# 3
# Isang Pandaigdigang Simbahan

Ang mahalagang karakter ng *Church of the Nazarene* ay hinubog ng mga nagsilbing magulang na simbahan na nagkaisa noong 1915. Kasama na ang pandaigdigang dimensiyon sa karakter na ito. Sinupurtahan ng denominasyon ang mga ganap na organisadong simbahan sa *United States of America, India, Cape Verde, Cuba, Canada, Mexico, Guatemala, Japan, Argentina, the United Kingdom, Swaziland, China*, at *Peru*. Nang 1930, umabot ito sa *South Africa, Syria, Palestine, Mozambique, Barbados,* at *Trinidad*. Ang mga nasyonal na tagapanguna ay naging mahalaga sa prosesong ito, katulad ng mga distritong superintendente na sila V. G. Santin (*Mexico*), Hiroshi Kitagawa (*Japan*), at Samuel Bhujbal (*India*). Ang pandaigdigang karakter ay higit na pinairal ng mga bagong karagdagan.

Noong 1922, pinangunahan ni J. G. Morrison ang marami sa mga manggagawang ng *Layman's Holiness association* at mahigit 1,000 mga kasapi nito sa *Dakotas, USA, Minnesota, USA,* at *Montana, USA* tungo sa simbahan. Si Robert Chung naman ang nagdala sa mga *network* ng mga Koreanong pastor at kongregasyon sa *Church of the Nazarene* noong mga taong 1930. Pinag-isa naman ni A. A. E. Berg ang mga simbahan sa *Australia* noong 1945. Si Alfredo Del Rosario ang nagdala ng mga Italyanong simbahan sa denominasyon noong 1948. Sa Afrika naman, ang *Hephzibah Faith Missionary Association* at ang sentro nito sa *Tabor, Iowa, USA* ang nakipag-isa sa mga *Naz-*

*arene* taong 1950.

Ang *International Holiness Mission* na itinatag sa *London*, *England*, ni David Thomas noon 1907, ay bumuo ng maraming gawain sa hilagang bahagi ng Afrika sa pamumuno ni David Jones. Noong 1952, ang mga simbahan nito sa *England* sa pamumuno naman ni J. B. Maclagan at mga gawain sa Afrika ay nakipag-isa sa mga *Nazarene*. Sila Maynard James at Jack Ford ang bumuo ng *Calvary Holiness Church* sa Britanya noong 1934, at nakipag-isa sa mga *Nazarene* noong 1955. Ang *Gospel Workers Church* naman ay inorganisa ni Frank Godd sa Ontario, Canada, noong 1918, at umanib sa *Church of the Nazarene* noong 1958. Ang mga *Nigerian* ay bumuo rin ng isang katutubong *Church of the Nazarene* noong 1940 at, sa ilalim ng pamumuno ni Jeremiah U. Ekaidem, sila ay nakipag-isa sa pandaigdigang samahan noong 1988.

Sadyang bumuo ang mga *Nazarene* ng modelo ng simbahan na may pagkakaiba sa mga pamantayan ng Protestante. Noong 1976, isang komisyon ang nabuo para pag-aralan ang magiging hugis ng kinabukasan ng denominasyon. Ayon sa ulat noong 1980, kanilang iminungkahi ang pagiging pandaigdigan [ng denominasyon] na nakaugat sa dalawang prinsipiyo: Una, kanilang kinilala ang mga simbahan at distrito ng *Nazarene* bilang pandaigdigan na bumubuo sa "pandaigdigang pagtitipon ng mga nananalig na kung saan may pagtanggap sa loob ng konteksto ng kani-kanilang kultura." Pangalawa, binigyang pansin ang pare-parehong pangako na may pag-hawak sa "naiibang misyon ng *Church of the Nazarene*," at ito ay "ang ikalat ang katuruan ng Kasulatan tungkol sa kabanalan... [bilang] susing elemento sa buod nang hindi pwede ipagwalang-bahala na kumakatawan sa pagkakilanlan ng *Nazarene*.

Niyakap ng Pangkalahatang Pagtitipon noong 1980 ang "pandaigdigang pagkakapareho sa teolohiya" na napapaloob sa mga Artikulo ng Pananampalataya, na nagpapatibay sa kahalagahan ng pagsasanay sa teolohiya ng mga manggagawa, at nanawagan nang sapat na supurta para sa mga institusyon ng pag-aaral sa teolohiya sa

bawa't bahagi ng mundo. Nanawagan sa lahat ng mga *Nazarene* para sa pagiging magulang sa pandaigdigan pagkaka-isa ng mga naniniwala sa kabanalan na napapaloob sa iisang pagkakaugnay-ugnay na balangkas na kung saan ang mga *colonial* na pag-iisip ay binibigyan nang pag-susuri ang mga bansa sa pamantayan ng "malakas at mahina, mga tagapag-bigay at mga tumatanggap," ang nagbigay daan sa "isang pag-iisip na may ganap na pagbabago ng pananaw sa mundo: kinikilala ang mga kalakasan at pagkakapantay-pantay ng lahat bilang mga magkakasamang nagtutulungan."

TALA: mula sa "*Journal* ng Ika-20 Pangkalahatang Pagtitipon" ng *Church of the Nazarene* (1980): 232. Franklin Cook, *The International Dimension* (1984): 49.

Ang *Church of the Nazarene* ay may naiibang *pattern* ng pagpapalago sa [hanay ng] mga Protestante. Nang 1998, kalahati ng mga *Nazarene* ay hindi na nagmumula sa *United States of America* at *Canada*, at 41% ng mga delegado sa 2001 Pangkalahatang Pagtitipon ang nagsasalita sa Ingles bilang kanilang pangalawang lengwahe o hindi nagsasalita nito. Isang Afrikano, Eugenio Duarte ng *Cape Verde,* ang nahalal na maging isa sa mga pangkalahatang superintendente ng simbahan noong 2009. Nang 2013 naman, isang galing sa Gitnang Amerika, ang nahalal bilang Pangkalahatang Superintendente. Nang 2017, isa pang Afrikano, si Filimao Chambo, isang katutubong *Mozambique*, ay nahalal bilang Pangkalahatang Superintendente, at sa kauna-unahang pagkakataon, mahigit sa kalahati ng mga kasapi ng Lupon ng Pangkalahatang Superintendente ay nagmula at lumaki sa labas ng Hilagang Amerika.

Nang 2017, ang simbahan ay may 2.5 milyon na mga kasapi sa 471 distrito at sa mahigit 160 na mga bansa sa buong mundo. Halos 28% ng mga *Nazarene* ay galing sa Afrika, 29% ay mga naninirahan sa Latin Amerika at sa *Caribbean*, samantalang halos isa-sa-apat naman ang naninirahan sa *United States of America* at *Canada*. Ang naitayong distrito ng simbahan ay sa Europa ay tumulong para abutin ang mga nasa silangang bahagi ng Europa, at ang simbahan

naman sa Asya ay lumabas sa tradisyonal na pinanggalingan sa *Korea*, *Japan*, at *India*, at pumaroon sa Timog-hilagang Asya, kasama nang iba pang mga lugar [sa Asya]. Nang 2017, tatlong pinakamalalaking kongregasyon na dumadalo sa pananambahan ay nagmula sa Timog Amerika at sa *Caribbean*.

TALA: Isang malaking pagbabago rin sa kasaysayan ng *Church of the Nazarene* ang pagkahalal sa kauna-unahang babaeng Pangkalahatang Superintendente noong 2005 sa katauhan ni Nina Gunter, na nanilbihan nang matagal bilang direktor o patnugot ng *World Missionary Society* (1986-2005). Sinundan si Nina Gunter nang isa pang babaeng Pangkalahatang Superintendente, si Carla Sunberg, na inihalal naman noong 2014. Sa simula't simula pa man ang *Church of the Nazarene* ay naniniwala sa kakayahan at karapatan ng mga kababaehan na maglingkod at mamuno sa simbahan.

# 4
# Mga Pag-uugat at Muling Pag-bibigay-buhay (1920-1970)

**Ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas**

Taong 1946 nang magsimula ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**Mga Pag-uugat at Muling Pagbibigay Buhay (1920-1970)**

Isang Filipinong tubong Cabanatuan, Nueva Ecija ang nakapagtatag ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Siya si Marciano Encarnacion. Nagsimula ang lahat noong 1919 nang lumikas si Encarnation sa Seattle, Washington kung saan nanirahan ang ilan niyang kamag-anak. Sa loob lamang nang maikling panahon ay naging panatag si Encarnacion sa pagdalo sa lokal na *Church of the Nazarene*—hanggang sa lubusan niyang maunawaan at tanggapin ang biyaya ng kaligtasan at pagpapabanal sa pamamagitan ng ministeryo ng simbahang iyon.

Bumalik si Encarnacion sa Pilipinas noong 1926 at nagtrabaho sa isang parmasya sa Baguio. Ilang chaplain o mga sundalong pastor ang nagpunta sa Pilipinas noong mga huling araw ng digmaan. Isa sa kanila si J. E. Moore, Jr. Hinanap ni Moore si Encarnacion, at

nang minsang nagtanong siya sa isang parmasya sa Session Road sa Baguio City ay mismong si Encarnacion na pala ang kanyang kausap. Ipinaliwanag ni Moore ang kanyang pakay at kaagad namang nagpahayag si Encarnacion ng kagustuhan niyang makatulong. Ito ay ipinaalam ni Moore sa kanyang pangkalahatang superintendente, si Hardy C. Powers, na kaagad namang nagbigay ng kanyang pahintulot sa pagbuo ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Nguni't di kalaunan ay nalipat si Moore sa Japan.

Si Chaplain A. Bond Woodruff ang nagpatuloy sa planong pagtatayo ng *Church of the Nazarene* sa bansa sa tulong ni Encarncion. Sa pahintulot ng pangkalahatang superintendente, opisyal na nagsimula, sa tulong ni Woodruff, ang simbahan kasama ng 29 na miyembro ng Cabanatuan *Church of the Nazarene*. Naganap ito noong May 19, 1946 – halos dalawang buwan bago ang deklarasyon ng Kalayaan ng Pilipinas mula sa Estados Unidos. Si Encarnacion ang itinilaga bilang pastor ng simbahan. Ang petsang ito ang itinuturing na araw nang pagkakatatag ng *Church of the Nazarene* sa bansa.

Pagkalipas ng ilang taon, 1948 nang ipinadala ng *Church of the Nazarene* bilang kauna-unahang misyonero sa Pilipinas si Joseph A. Pitts. Si Pitts at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa Cabanatuan kung saan kaagad silang nagsagawa ng misyon kasama si Encarnacion. Lumago ang gawain mula Cabanatuan hanggang sa iba't ibang lugar sa bansa, tulad ng Baguio, Iloilo, Aringay La Union, Binday, Pangasinan, Balacag, at Pico, La Trinidad.

Naging katulong sa pagpapunlad ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang pagtayo nito ng isang *Bible College*. Ito ay sinimulan ng isa pang misyonerong pinadala sa Pilipinas mula sa Mainland China, si John Pattee at ang maybahay nitong si Lillian. Noong 1952 ay bumili ang mga misyonero ng isang parsela ng lupa sa labas ng Baguio, sa isang lugar na natatanaw ang Trinidad Valley. Tinawag ang paaralan na *Fitkin Memorial Bible College*, bilang pagkilala sa noo'y dating pangulo ng *Foreign Missionary Society*. Sa unang taon

nito noong 1952-1953 ay 53 estudyante ang nakapag-aral dito. Si Pattee ay aktibong tumulong para sa pagpapalago ng gawain sa Pilipinas sa pamamagitan ng gawaing ebanghelismo nito sa kanayunan sa tulong na rin ng mga mag-aaral noon sa *Bible College*. Lumaganap hanggang Manila, Mindoro, at Visayas ang mga lokal na simbahan ng *Church of the Nazarene*.

Taong 1958 nang inordinahan ang mga unang Pilipinong *elder* ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas: sina Prisco Contado, Gil Sevidal, Carlino Fontanilla, Geronimo Galindez, Jaime Galvez, Castillo Ongogan, at Andres Valenzuela. Si Valenzuela ang naging kauna-unahang Pilipinong naging distritong superintendente sa Pilipinas, samantala si Carlino Fontanilla naman ang naging kauna-unahang Pilipinong direktor ng *Bible College* sa Pico, La Trinidad.

Kasabay nang paglago ng simbahan sa Visayas, nagpasiya ang misyong umpisahan ang pagtatayo ng pangalawang B*ible College* sa Iloilo. Patuloy na lumago ang *Church of the Nazarene* sa kapuluan ng Pilipinas kagaya ng mga simbahan sa Angeles city, Malate, at iba pa.

Naging katulong din sa gawain ng *Church of the Nazarene* ang mga kababaehan sa pagpapalago nito. Si Ricareda Valenzuela ang kauna-unahang naordinahang babaeng *elder* sa Pilipinas. Patuloy na isinulong ng mga misyonero at lokal na mangagawa ng *Church of the Nazarene* ang mga gawain sa iba't ibang lugar kasabay ng patuloy na pagsasanay sa mga Pilipinong mangagawa para humalili at umako ng responsibilidad sa gawain sa Pilipinas.

# 5
# Pagkabahala at Pagpapalaganap (1957-1996)

Kasabay ng paglago ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang pagpapatibay naman nito ng mga katuruan ng simbahan para sa mga kasapi nito. Noong dekada 50, ang *Church of the Nazarene* ay humarap sa matinding pagsubok ng di-pagkakasundo sa pagitan ng mga tagapamuno nitong misyonero at Pilipinong manggagawa.

Si Pitts ay isang konserbatibong pastor. Kaniyang paniniwala bilang kasapi at tagapamuno ng *Church of the Nazarene,* ayon na rin sa kanyang pagkaunawa, ay dapat sundin ang mga katuruan ng simbahan, lalo na ang tungkol sa doktrina ng kabanalan na may pagbibigay diin sa mga panlabas na panuntunan ng mga Pangkalahatang Alituntunin ng simbahan na nakapaloob sa *Church of the Nazarene Manual*. Sa diwa nito, personal at mahigpit na ipinatupad ni Pitts ang mga ito, kabilang ang mga sumusunod na may kaugnayan sa mga kababaihan:

1. Pagpapaikli ng buhok at pagmumukhang lalaki. Ito ay nangangahulugan ng hindi pagpapasakop sa kanyang asawa at maging sa Diyos.
2. Paglalagay ng *make-up*, na ipinapalagay na maling halimbawa ng pagiging mabuting katiwala ng Diyos. Sa halip na ipambili ng *make-up*, ang pera ay maaaring ilagay sa *offering plate* para sa pondo ng mga misyong pandaigdig.

3. Ang pananamit ayon sa istilo ng mundo, tulad ng maiiksing damit na umaabot lamang hanggang tuhod at halos nagpapakita ng itaas na bahagi nito. Sa kabilang banda, katanggap-tanggap naman ang mga blusang may mahahabang manggas,
4. Ang pagsuot ng anumang sing-sing na pangkasal ng mga babaeng may asawa na.

Ang pagbibigay pansin sa panlabas na panuntunan ay nagdulot ng kontrobersya sa pagitan ng mga misyonero at maging sa pagitan ng mga lokal na tagapamuno, gaya nila Robert McCroskey at ibang kasamahan nito laban kila Pitts at mga unang misyonero, kasama na ang mga Pilipinong pastor. Nahati ang mga tagapamuno sa kontrobersya at ito ay nagdulot ng krisis sa simbahan. Nang matapos ang *District Assembly* noong 1957, pinulong ni Pitts, kasama si Encarnacion, ang mga pastor at manggagawa sa *Bible College campus* para pag-usapan ang mga kontrobersya. Nakarating sa Lupon ng Pangkalahatang Superintendente ang kontrabersya na bumalot sa 1957 *District Assembly*, dahilan para ipatawag si Pitts pabalik sa US, para sa isang maikling pamamahinga.

Nagpulong ang Lupon ng Pangkalahatang Superintendente, at dito ay napagpasyahang ilipat si Pitts sa ibang misyon *field* upang payapain ang sitwasyon. Mariin itong tinutulan ni Pitts sa katwirang nasa Pilipinas ang kanyang damdamin at malinaw na siya ay tinawag upang sa bansang ito niya paglingkuran ang Diyos. Dahil walang nangyaring pagkakasundo, nagbitiw si Pitts bilang misyonero ng *Church of the Nazarene*.

Noong 1958 naganap ang paghihiwalay ng grupo ng mga pastor na sumama kay Pitts. Kanilang binuo ang bagong samahan mula sa mga pastor at mga misyonero. Tinawag nila ang kanilang simbahan na *Holiness Church of the Nazarene*, na naging *Nazarene Holiness Mission*. Nang magretiro si Pitts noong 1968 ay inilipat niya ang pamamahala ng simbahan sa *Church of the Bible Covenant*. Isang misyonero din ang sumunod na humiwalay sa *Church of the Naza-*

*rene*, si Charles Tryon. Itinayo ni Tryon ang *Bible Fellowship Church* at ang isang *Bible College* sa Bued, Binalonan, Pangasinan.

Ilang mga simbahan din ng *Church of the Nazarene* ang mga naapektuhan ng kontrabersya: ang Baguio City *Church of the Nazarene*, Binalonan *Church of the Nazarene*, Balacag *Church of the Nazarene*, at Paniqui *Church of the Nazarene*.

Sa paglipas ng maraming taon, humupa rin ang kontrabersya at nagpatuloy sa paglago ang *Church of the Nazarene*. Sa pagwawakas ng 1973 *District Assembly*, dalawang magkaibang distrito ang binuo: ang Luzon *District* at ang Visayas *District*. Pinamunuan ni Valenzuela ang Luzon at si Wilfredo Manaois naman ang namuno sa Visayas. Nagkaroon din nang pagsisimula ng mga distrito sa Manila, Central Visayas, Bicol, Mindanao, at Southern Tagalog.

Noong 1982 naman sinimulan ni Donald Owens ang pagtatayo sa *Asia Pacific Nazarene Theological Seminary* sa Taytay Rizal, na naging paaralan para sa masteral na pag-aaral para sa mga pastor at mga tagapamuno ng simbahan sa rehiyon ng Asya Pasipiko kasama na ang Pilipinas.

1996 nang ipagdiwang ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang ika-50 taon nito sa temang: "*A Double Portion of Thy Spirit*" sa Cebu sa loob ng *Visayan Nazarene Bible College* noon.

# 6
# Mga Pagbabagong-Kalagayan at Pag-asa (1995-2021)

Ang kalagitnaan ng 1990s ay nagsilbing isang bagong larangan ng paglilinang para sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Maraming pagbabago ang kanyang pinagdaanan—mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kanyang paglago ayon sa gulong ng buhay ng simbahan. Naranasan nito ang pagtaas at pagbaba, ang tagumpay at kasiglahan, at ang kabiguan at pananamlay sa kanyang mga ministeryo bilang isang lumalaking denomenasyon. Ang kanyang pagharap sa maiigting na kalagayan at mga paghamon noong unang 50 tao ay nagpatunay na handa na siya para sa isa pang antas ng pag-uunlad—ang kapanahunan ng karunungan at patuloy na paglago. Nagbigay-daan ito sa simbahan para sa mga pagbabagong-kalagayan at bagong pag-asa, at ito ang inilalarawan ng yugto ng kasaysayan sa bansa mula 1995 hanggang 2021.

Patuloy sa paglago ang simbahan sa pamamagitan ng mga ministeryo nito sa iba't ibang distrito, na umabot na sa 10 nang 1997: Philippine Luzon *District* (1955), Panay *District* (1973), Eastern Visayas *District* (1977), Metro Manila *District* (1977), Central Visayas *District* (1977), Mindanao East *District* (1981), Bicol *District* (1981), Southern Tagalog *District* (1984), Mindanao West *District* (1986), Metropolitan Luzon *District* (1996), at Negros *District* (1998). Nag-

ing pangunahing ministeryo ng mga distrito ang pagpapatibay sa mga *auxiliary ministries* nito—*Nazarene Missions International* (NMI), *Nazarene Youth International* (NYI), at *Sunday School and Discipleship Ministries International* (SDMI). Pinalakas ang mga ito ng mga gawain para sa mga bata, gaya ng *Children's Caravan*, *Youth Camps* para sa mga kabataan, *missions* para sa mga matatanda. Naging bahagi din ng gawain ng mga distrito ang patuloy na paggamit at pagpapalakas ng *Revival Services* sa mga simbahan.

Noong 1998, nagpasya ang *Campus Crusade* at ang *Jesul Film Harvest Partners* na maging katuwang ng *Church of the Nazarene*. Ang Pilipinas ang unang bansa sa mundo na nagtaguyod sa pagsasama o *partnership* na ito. Ginamit ang *Jesus Film* bilang kasangkapan sa pagtayo ng mga bagong simbahan at gawain sa buong bansa. Sa ilalim ng pamumuno ni Robert Craft (1995-2000) at David Phillips (2000-2010) bilang mga *Field Strategy Coordinators* (FSC), nanilbihan si Elmo Dialing bilang *Jesus Film Coordinator*. Ayon sa ulat ni Phillips, "Sa pagdating ng taong 2010, ang bilang ng mga aktibong simbahan ay tumaas mula 200 hanggang 350. Ang simbahan sa Pilipinas ay mayroon nang 10 simbahang nagtataglay ng higit sa 200 na kasapi."

Taong 2010 nang magkaroon ng kauna-unahang Pilipinong *Field Strategy Coordinator* ang *Philippine-Micronesia Field*, sa katauhan ni Stephen 'Bong' Gualberto, na noon ay naninilbihan bilang *International Program Development Coordinator* sa pandaigdig na *Nazarene Compassionate Ministries* (NCM). Karadagan sa mga pagpapatibay at pagpapalago ng mga distrito, pinalakas ni Gualberto ang *compassionate ministries* sa Pilipinas, gaya ng mga sumusunod: *NMC Philippines Inc.*, *Holistic Child Development*, *Online Sexual Exploitation of Children* (OSEC), at *Schechem Children's Home*.

Noong 2020, nagtalaga ang rehiyon ng isang bagong *Field Strategy Coordinator*, ngunit ito ay isinangguni muna sa ilang tagapamunong nasyonal. Si Arnel L. Piliin, na noon ay naglilingkod bilang

*District Superintendent* ng Metro Manila *District*, ay nahilingang umako ng responsibilidad bilang *FSC*. Bagamat maaga pa para pag-usapan ang pamumuno ni Piliin, malinaw na ang pagkahirang sa kanya ay tinanggap ng mga tagapamunong nasyonal nang may positibong pananaw. Ang tiwala ng rehiyon sa kakayahan ni Piliin sa pamumuno ay batay sa produktibo niyang paglilingkod bilang *district superintendent* ng Metro Manila *District* sa loob ng 10 taon. Ang pamumuno ni Piliin ay nakatuon sa pagtatanim ng mga simbahan, pagpapaunlad ng kakayahan ng mga pastor, at ang pagpapalaganap at pagpaparami ng mga distrito.

# ANG ATING PANANAMPALATAYA

## Ano-ano ang ating mga paniniwala?

# 7
# Ang Sangtatlong Diyos, Jesu-Cristo, at Ang Banal na Espiritu

## PREAMBULO

Para mapanatili natin ang ating minanang kaloob mula sa Diyos, ang pananampalatayang minsang ipinasa ng mga naunang pinabanal ng Diyos, natatangi dito ang katuruan at karanasan ng ganap na pagpapabanal bilang pangalawang gawa ng kagandahang-loob ng Diyos, at para rin sa ating mahusay na pakikiisa sa ibang mga sangay ng Simbahan ni Jesu-Cristo tungo sa pagpapaunlad ng kaharian ng Diyos, [at bilang] mga manggagawa at mga kasapi ng *Church of the Nazarene*, ayon sa mga prinsipyo ng batas ng konstitusyon na itinatag para sa atin, ay atin ngayon inuordinahan o pinagtitibay, tinatanggap, at inilalatag bilang mga mahahalagang batas o konstitusyon ng *Church of the Nazarene*: ang mga Artikulo ng Pananampalataya, ang Tipan ng Kristiyanong Pag-uugali, at ang mga Artikulo ng Samahan at Pamamahala na napapaloob dito, ito ay ang mga sumusunod:

## MGA ARTIKULO NG PANANAMPALATAYA

### I. Ang Sangtatlong Diyos

**1** Naniniwala tayo sa isang walang hanggang buháy, walang katapusang Diyos, makapangyarihang Manlilikha at Tagapangalaga

ng sansinukob; na Siya lamang ang Diyos, banal sa kalikasan, mga katangian, at layunin. Ang Diyos na banal na pag-ibig at liwanag ay Sangtatlo sa kaniyang mahalagang kalikasan, nagpahayag bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu.

(Genesis 1; Levitico 19:2; Deuteronomio 6:4-5; Isaias 5:16; 6:1-7; 40:18-31; Mateo 3:16-17; 28:19-20; Juan 14:6-27; 1 Corinto 8:6; 2 Corinto 13:14; Galacia 4:4-6; Efeso 2:13-18; 1 Juan 1:5; 4:8)

## II. Jesu-Cristo

**2** Naniniwala tayo kay Jesu-Cristo, ang Ikalawang Persona ng Sangtatlong Diyos; na siya ay walang hanggang kaisa ng Ama; na siya ay nagkatawang tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ipinanganak kay Birheng Maria, upang ang dalawang buo at sakdal na mga kalikasan, na tumutukoy sa pagka-Diyos at pagka-tao, ay sadyang magkasama sa isang Persona—tunay na Diyos at tunay na tao, ang Diyos-tao.

Naniniwala tayo na si Jesu-Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, at siya ay muling-nabuhay mula sa mga patay at muling inangkin ang kaniyang katawan, kasama ang lahat ng bagay na tumutukoy sa pagkasakdal ng kaniyang kalikasang tao, at pagkatapos ay umakyat sa langit at naroon na may pagkilos na namamagitan para sa atin.

(Mateo 1:20-25; 16:15-16; Lucas 1:26-35; Juan 1:1-18; Mga Gawa 2:22-36; Roma 8:3, 32-34; Galacia 4:4-5; Filipos 2:5-11; Colossas 1:12-22; 1 Timoteo 6:14-16; Hebreo 1:1-5; 7:22-28; 1 Juan 1:1-3; 4:2-3, 15)

## III. Ang Banal Na Espiritu

**3** Naniniwala tayo sa Banal na Espiritu, ang Ikatlong Persona ng Sangtatlong Diyos, na Siya ay laging naririto at mahusay na kumikilos sa pamamagitan at kasama ng Simbahan ni Cristo, nangungumbinsi sa sanlibutan tungkol sa kasalanan, nagbibigay buhay sa mga nagsisisi at nananalig, pinapabanal ang mga nananalig, at gumagabay sa lahat ng katotohanang na kay Jesus.

(Juan 7:39; 14:15–18, 26; 16:7–15; Mga Gawa 2:33; 15:8–9; Roma 8:1–27; Galacia 3:1–14; 4:6; Efeso 3:14–21; 1 Tesalonica 4:7–8; 2 Tesalonica 2:13; 1 Pedro 1:2; 1 Juan 3:24; 4:13)

# 8
# Pangkalahatang Pagkasiha, Kasalanan—Orihinal at Pansariling Kasalanan, Pagbabayad-sala

### IV. Pangkalahatang Pagkasiha

**4** Naniniwala tayo sa pangkalahatang pagkasiha o inspirasyon sa kabuuan ng Banal na Kasulatan, na siyang ating nauunawaan na 66 na mga aklat ng Luma at Bagong Tipan, ipinagkaloob sa pamamagitan ng mula-sa-Diyos na pagkasiha o inspirasyon, walang pagkakamaling naghahayag ng kalooban ng Diyos patungkol sa atin sa lahat ng bagay na kailangan para sa ating kaligtasan, upang ang anumang hindi kasali dito ay hindi dapat mapabilang sa artikulo ng pananampalataya.

(Lucas 24:44–47; Juan 10:35; 1 Corinto 15:3–4; 2 Timoteo 3:15–17; 1 Pedro 1:10–12; 2 Pedro 1:20–21)

### V. Kasalanan—Orihinal at Pansariling Kasalanan

**5** Naniniwala tayo na ang kasalanan ay dumating sa sanlibutan sa pamamagitan ng pag-suway ng ating unang mga magulang, at ang kamatayan [ay dumating] sa pamamagitan ng kasalanan. Naniniwala tayo na may dalawang uri ng kasalanan: ang orihinal na kasalanan o kabuktutan, at ang aktwal o pansariling kasalanan.

**5.1** Naniniwala tayo na ang orihinal na kasalanan, o kabuktutan, ay ang kasiraan ng kalikasan ng lahat ng mga anak ni Adan sa kadahilanang ang bawa't isa ay lubusang nalayo sa orihinal na kabanalan o ang dalisay na katayuan ng ating unang mga magulang nang sila

ay likhain, ay tumanggi sa Diyos, ay walang espiritwal na buhay, at may kiling sa kasamaan, at ito ay nagpapatuloy. Naniniwala rin tayo na ang orihinal na kasalanan ay nananatili sa bagong buhay ng mga muling-binuhay, hanggang ang puso ay lubusan malinis sa pamamagitan ng bawtismo sa Banal na Espiritu.

**5.2** Naniniwala tayo na ang orihinal na kasalanan ay naiiba sa aktwal na kasalanan sapagkat ito ay binubuo ng minanang pagkiling sa aktwal na kasalanan na kung saan walang sinuman ang mananagot hanggang ang mula-sa-Diyos na kaloob na lunas ay balewalain o tanggihan.

**5.3** Naniniwala tayo na ang aktwal o pansariling kasalanan ay isang kusang-loob na pag-labag sa isang hayag na batas ng Diyos nang isang may moral na responsabling tao. Kung kaya't ito ay hindi dapat ikalito sa hindi boluntaryo at hindi maiiwasan na mga pagkukulang, mga kahinaan, mga kapintasan, mga pagkakamali, mga kabiguan, o iba pang mga paglihis mula sa isang antas ng kasakdalan ng pag-uugali na mga nananatiling epekto ng Pagkahulog [ng tao]. Ganunpaman, ang mga gayong walang malay na epekto ay hindi sumasakop sa mga pag-uugali o mga pagtugon na sumalungat sa Espiritu ni Cristo, na maaaring matawag bilang mga kasalanan ng espiritu [ng tao].

Naniniwala tayo na ang pansariling kasalanan ay isang pangunahin at mahalagang paglabag sa batas ng pag-ibig; at kaugnay kay Cristo, ang kasalanan ay maaaring matawag bilang kawalan-ng-pananalig.

(Orihinal na kasalanan: Genesis 3; 6:5; Job 15:14; Awit 51:5; Jeremias 17:9–10; Marcos 7:21–23; Roma 1:18–25; 5:12–14; 7:1–8:9; 1 Corinto 3:1–4; Galacia 5:16–25; 1 Juan 1:7–8; Pansariling kasalanan: Mateo 22:36–40 {kasama ng 1 Juan 3:4}; Juan 8:34–36; 16:8–9; Roma 3:23; 6:15–23; 8:18–24; 14:23; 1 Juan 1:9–2:4; 3:7–10)

### VI. Pagbabayad-sala

**6** Naniniwala tayo na si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng kaniyang mga paghihirap, sa pamamagitan ng pagbuhos ng kaniyang sariling dugo, at sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan sa Krus, ay siyang nagbigay nang buong kabayaran para sa lahat ng kasalanan ng tao,

at ang Pagbabayad-salang ito ay siyang batayan ng kaligtasan, at ito ay sapat na para sa bawa't indibidwal na mga lahi ni Adan. Ang Pagbabayad-sala ay mabisa ayon sa kagandahang-loob ng Diyos para sa kaligtasan ng mga walang kakayahan sa moral na responsibilidad at para sa mga anak na wala pang malay sa buhay ngunit mabisa para sa kaligtasan ng mga umabot na sa tamang gulang ng responsibilidad sa pamamagitan lamang ng kanilang pagsisisi at pananalig.

(Isaias 53:5–6, 11; Marcos 10:45; Lucas 24:46–48; Juan 1:29; 3:14–17; Mga Gawa 4:10–12; Roma 3:21–26; 4:17–25; 5:6–21; 1 Corinto 6:20; 2 Corinto 5:14–21; Galacia 1:3–4; 3:13–14; Colosas 1:19–23; 1 Timoteo 2:3–6; Tito 2:11–14; Hebreo 2:9; 9:11–14; 13:12; 1 Pedro 1:18–21; 2:19–25; 1 Juan 2:1–2)

# 9
# Ang Kagandahang-loob ng Diyos, Ang Pagsisisi, at Katuwiran, Muling Pagbibigay-buhay, at Pag-aaring ganap

### VII. Ang Kagandahang-loob ng Diyos

**7** Naniniwala tayo na ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay walang bayad na ipinagkakaloob sa lahat ng tao, na nagbibigay kakayahan sa lahat nang tatalikod mula sa kanilang kasalanan tungo sa katuwiran, mananalig kay Jesu-Cristo para sa kapatawaran at kalinisan sa kasalanan, at sumunod sa mabubuting gawa na nakalulugod at katanggap-tanggap sa Kaniyang paningin. Naniniwala rin tayo na ang sangkatauhan, nilalang na katulad-ng-Diyos, ay may taglay na kakayahan na pumili sa pagitan ng tama at mali, at dahil dito ang mga tao ay may moral na responsibilidad; na dahil sa Pagkahulog ni Adan, sila nga ay naging masama dahilan kung bakit hindi nila magawa sa ganang kanilang sariling lakas ang bumalik at kumilos patungo sa pananampalataya at pagtawag sa Diyos.

(Katulad-ng-Diyos at moral na responsibilidad: Genesis 1:26–27; 2:16–17; Deuteronomio 28:1–2; 30:19; Josue 24:15; Awit 8:3–5; Isaias 1:8–10; Jeremias 31:29–30; Ezekel 18:1–4; Micas 6:8; Roma 1:19–20; 2:1–16; 14:7–12; Galacia 6:7–8

Natural na kawalan ng abilidad: Job 14:4; 15:14; Mga Awit 14:1–4; 51:5; Juan 3:6a; Roma 3:10–12; 5:12–14, 20a; 7:14–25

Walang Bayad na Kagandahang-loob ng Diyos at mga gawa ng pa-

nanampalataya: Ezekiel 18:25–26; Juan 1:12–13; 3:6b; Mga Gawa 5:31; Roma 5:6–8, 18; 6:15–16, 23; 10:6–8; 11:22; 1 Corinto 2:9–14; 10:1–12; 2 Corinto 5:18–19; Galacia 5:6; Efeso 2:8–10; Filipos 2:12–13; Colosas 1:21–23; 2 Timoteo 4:10a; Titus 2:11–14; Hebreo 2:1–3; 3:12–15; 6:4–6; 10:26–31; Santiago 2:18–22; 2 Pedro 1:10–11; 2:20–22)

## VIII. Ang Pagsisisi

**8** Naniniwala tayo na ang Espiritu ng Diyos ay nagbibigay sa lahat ng nagsisisi ng kagandahang loob ng Diyos na may mapagpakumbabang puso at may pag-asa ng kahabagan, para sila maniwala tungo sa kapatawaran at sa espiritwal na buhay. Mariing hinihingi sa lahat ng mga naging makasalanan laban sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga gawa o layunin ang pagsisisi, na tumutukoy sa isang taos-puso at ganap na pagbabago ng isipan kaugnay sa kasalanan, kasama ang pagkapukaw sa personal na pagkabagabag sa kasalanan at sa isang kusang-loob na pagtalikod mula sa kasalanan.

Naniniwala tayo na lahat ng nananalig ay maaaring mahulog mula sa kagandahang-loob ng Diyos at tumalikod at, maliban na sila ay magsisi sa kanilang mga kasalanan, ay mawawalan ng pag-asa at magpawalang hanggang mapapahamak. Naniniwala tayo na ang mga muling binigyang buhay na tao ay hindi na kailangang manumbalik sa kasalanan, sa halip ay mamuhay nang may buong pakiki-isa sa Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng naninirahang Banal na Espiritu na nagbibigay saksi sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

(2 Cronica 7:14; Mga Awit 32:5–6; 51:1–17; Isaias 55:6–7; Jeremias 3:12–14; Ezekiel 18:30–32; 33:14–16; Marcos 1:14–15; Lucas 3:1–14; 13:1–5; 18:9–14; Mga Gawa 2:38; 3:19; 5:31; 17:30–31; 26:16–18; Roma 2:4; 2 Corinto 7:8–11; 1 Thesalonica 1:9; 2 Pedro 3:9)

## IX. Katuwiran, Muling Pagbibigay-buhay, at Pag-aaring ganap

**9** Naniniwala tayo na ang Katuwiran ay ang mabuti at panghukumang gawa ng Diyos na kung saan pinagkakalooban niya ng ganap na kapatawaran sa lahat ng pagkakasala at lubos na kalayaan mula sa kaparusahan sa mga kasalanang nagawa, at tanggapin bilang matuwid, ang lahat ng mga nananalig kay Jesu-Cristo at tumanggap

sa Kaniya bilang Panginoon at Tagapagligtas.

**9.1** Naniniwala tayo na ang muling pagbibigay-buhay, o ang bagong kapanganakan, ay ang mabuting gawa ng Diyos na kung saan ang moral na kalikasan ng nagsising nananalig ay pinukaw sa espiritu at binigyan ng natatanging espiritwal na buhay, na may kakayahang manalig, magmahal, at sumunod.

**9.2** Naniniwala tayo na ang pag-aaring ganap ay isang mabuting gawa ng Diyos na kung saan ang itinuring na matuwid at muling binigyang-buhay na nananalig ay inaring anak ng Diyos.

**9.3** Naniniwala tayo na ang katuwiran, ang muling pagbibigay-buhay, at ang pag-aaring ganap ay sabay-sabay na nangyayari sa karanasan ng naghahanap sa Diyos, at tinatanggap sa pamamagitan ng pananalig, nauna ang pagsisisi; at sa gawa at kalagayang ito ang kagandahang-loob ng Diyos ay sumasaksi.

(Lucas 18:14; Juan 1:12–13; 3:3–8; 5:24; Mga Gawa 13:39; Roma 1:17; 3:21–26, 28; 4:5–9, 17–25; 5:1, 16–19; 6:4; 7:6; 8:1, 15–17; 1 Corinto 1:30; 6:11; 2 Corinto 5:17–21; Galacia 2:16–21; 3:1–14, 26; 4:4–7; Efeso 1:6–7; 2:1, 4–5; Filipos 3:3–9; Colosas 2:13; Tito 3:4–7; 1 Pedro 1:23; 1 Juan 1:9; 3:1–2, 9; 4:7; 5:1, 9–13, 18)

# 10
# Ang Ganap na Pagpapabanal

**X. Ang Ganap na Pagpapabanal**

**10** Naniniwala tayo na ang pagpapabanal ay ang gawa ng Diyos na siyang nagbabago sa mga nananalig para maging katulad ni Cristo. Ito ay pinapangyari sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos [at] sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa paunang pagpapabanal, o muling pagbibigay-buhay (kasabay ng katuwiran), ganap na pagpapabanal, at ng pagpapatuloy ng nagsasakdal na gawa ng Banal na Espiritu na magtatapos sa kaluwalhatian. Sa kaluwalhatian, tayo ay lubos na magiging kawangis ng Anak.

Naniniwala tayo na ang ganap na pagpapabanal ay tumutukoy sa pagkilos ng Diyos, kasunod ng muling pagbibigay-buhay, na kung saan ang mga nananalig ay pinalaya mula sa orihinal na kasalanan, o kabuktutan, at inihahatid sa kalagayan ng ganap na pagtatalaga sa Diyos, at ang banal na pagsunod ng pag-ibig ay nagiging sakdal.

Ito ay pinapangyari sa pamamagitan ng bawtismo o pagpuspos ng Banal na Espiritu, at nauunawaan sa isang karanasan ng paglilinis ng puso mula sa kasalanan at ng nananatili, nananahang presensiya ng Banal na Espiritu, nagbibigay ng kapangyarihan sa nananalig para sa buhay at paglilingkod. Ang Ganap na Pagpapabanal ay pinagkakaloob ng dugo ni Jesus, agarang pinapangyari sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos [at] sa pamamagitan ng pananalig, nauna ang ganap na pagtatalaga; at sa gawa at kalagayan ng kagandahang-loob ng Diyos, ang Banal na Espiritu ay sumasaksi.

Ang karanasang ito ay kilala rin sa iba't ibang mga tawag na sumasaklaw sa iba't ibang bahagi nito, gaya ng "Kristiyanong kasakdalan," "Sakdal na Pag-ibig," "Dalisay na puso," "ang bawtismo at kapuspusan ng Banal na Espiritu," "ang kapuspusan ng Pagpapala," at "Kristiyanong Kabanalan."

**10.1** Naniniwala tayo na may tanda ng pagkakaiba sa pagitan ng dalisay na puso at magulang na pag-uugali. Ang una ay agarang nakakamtan o nararanasan, bunga ng ganap na pagpapabanal; ang huli ay bunga ng paglago sa kagandahang-loob ng Diyos.

Naniniwala tayo na kasama ng kagandahang-loob ng Diyos sa ganap na pagpapabanal ang mula-sa-Diyos na udyok para lumago sa kagandahang-loob ng Diyos bilang isang katulad-ni-Cristong alagad. Ganunpaman, ang udyok na ito ay may kaakibat na pag-aalaga, at maingat na pagbabantay na ibinibigay sa mga kailangan at proseso ng paglagong espiritwal at paglago sa pagiging katulad-ni-Cristo sa pag-uugali at personalidad. Kapag walang gayong pasubali o layuning pagpupunyagi, ang pagsaksi dito ay maaaring masira at ang kagandahang-loob ng Diyos na ito ay mabigo at kalaunan ay mawala.

Sa pagsali o pakikibahagi sa mga kaparaanan o daluyan ng kagandahang-loob ng Diyos, higit sa mga pagtitipon, mga disiplina, at mga gawaing banal o sakramento ng Simbahan, ang mga nananalig ay lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos at sa buong pusong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.

(Jeremias 31:31–34; Ezekiel 36:25–27; Malakias 3:2–3; Mateo 3:11–12; Lucas 3:16–17; Juan 7:37–39; 14:15–23; 17:6–20; Mga Gawa 1:5; 2:1–4; 15:8–9; Roma 6:11–13, 19; 8:1–4, 8–14; 12:1–2; 2 Corinto 6:14–7:1; Galacia 2:20; 5:16–25; Efeso 3:14–21; 5:17–18, 25–27; Filipos 3:10–15; Colosas 3:1–17; 1 Tesalonica 5:23–24; Hebreo 4:9–11; 10:10–17; 12:1–2; 13:12; 1 Juan 1:7, 9)

("Kristiyanong kasakdalan," "Sakdal na pag-ibig ": Deuteronomio 30:6; Mateo 5:43–48; 22:37–40; Roma 12:9–21; 13:8–10; 1 Corinto 13; Filipos 3:10–15; Hebreo 6:1; 1 Juan 4:17–18

"Dalisay na puso": Mateo 5:8; Mga Gawa 15:8–9; 1 Pedro 1:22; 1 Juan 3:3

"Bawtismo sa Banal na Espiritu": Jeremias 31:31–34; Ezekiel 36:25–27; Malakias 3:2–3; Mateo 3:11–12; Lucas 3:16–17; Mga Gawa 1:5; 2:1–4; 15:8–9

"Kapuspusan ng pagpapala": Roma 15:29

“Kristiyanong Kabanalan”: Mateo 5:1–7:29; Juan 15:1–11; Roma 12:1–15:3; 2 Corinto 7:1; Efeso 4:17–5:20; Filipos 1:9–11; 3:12–15; Colosas 2:20–3:17; 1 Tesalonica 3:13; 4:7–8; 5:23; 2 Timoteo 2:19–22; Hebreo 10:19–25; 12:14; 13:20–21; 1 Pedro 1:15–16; 2 Pedro 1:1–11; 3:18; Judas 20–21)

# 11

# Ang Simbahan, Bawtismo, at Ang Hapunan ng Panginoon

## XI. Ang Simbahan

**11** Naniniwala tayo sa simbahan, ang komunidad na nagpapahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, ang tipang-tao ng Diyos na ginawang bago kay Cristo, ang Katawan ni Cristo na tinawag nang sama-sama ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Salita,

Tinawag ng Diyos ang simbahan para maipakita ang buhay nito sa pagkakaisa at pagtitipon sa Banal na Espiritu; sa pananambahan sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita, pagsasagawa ng mga sakramento, at paglilingkod sa Kaniyang pangalan; sa pagsunod kay Cristo, pamumuhay na banal, at may pagkakasundong may pananagutan.

Ang misyon ng Simbahan sa sanlibutan ay ang ibahagi ang may pagtutubos at may pakikipag ugnayan na gawain ni Cristo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang simbahan ay tumutupad sa misyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga alagad sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mabuting balita, pagtuturo, pagpapakita ng kahabagan, paggawa para sa katarungan, at pagbibigay saksi sa kaharian ng Diyos.

Ang simbahan as isang reyalidad sa kasaysayan na nag-organisa ng sarili nito sa mga anyong hinubog ng kultura, nabubuhay bilang lokal na kongregasyon at bilang pandaigdigang katawan, at gayon din bilang mga inihiwalay na taong tinawag ng Diyos para sa mga

natatanging gawain. Tinawag ng Diyos ang simbahan para mamuhay sa ilalim ng Kaniyang pamumuno na may pagtanaw sa kaganapan [nito] sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

(Exodo 19:3; Jeremias 31:33; Mateo 8:11; 10:7; 16:13–19, 24; 18:15–20; 28:19–20; Juan 17:14–26; 20:21–23; Mga Gawa 1:7–8; 2:32–47; 6:1–2; 13:1; 14:23; Roma 2:28–29; 4:16; 10:9–15; 11:13–32; 12:1–8; 15:1–3; 1 Corinto 3:5–9; 7:17; 11:1, 17–33; 12:3, 12–31; 14:26–40; 2 Corinto 5:11–6:1; Galacia 5:6, 13–14; 6:1–5, 15; Efeso 4:1–17; 5:25–27; Filipos 2:1–16; 1 Tesalonica 4:1–12; 1 Timoteo 4:13; Hebreo 10:19–25; 1 Pedro 1:1–2, 13; 2:4–12, 21; 4:1–2, 10–11; 1 John 4:17; Judas 24; Pahayag 5:9–10)

## XII. Bawtismo

**12** Naniniwala tayo na ang Kristiyanong bawtismo, utos ng ating Panginoon, ay isang sakramento na nagbibigay halaga sa pagtanggap ng mga benepisyo ng pagbabayad-sala  at pagiging kabahagi o pakikiisa sa Katawan ni Cristo. Ang bawtismo ay isang kaparaanan o daluyan ng kagandahang-loob ng Diyos na nagpapangaral sa pananalig kay Cristo bilang Tagapagligtas. Ito ay isinasagawa sa mga nananalig bilang patunay sa kanilang ganap na layuning sumunod sa kabanalan at katuwiran. Bilang bahagi ng bagong tipan, ang mga sanggol at ang may moral na wala-pang-malay [na mga bata] ay maaaring bawtismuhan sa kahilingan ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga ito. Ang simbahan ay magbibigay katiyakan sa Kristiyanong pagsasanay. Ang bawtismo ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pag-wisik, pag-buhos, at pag-lubog.

(Mateo 3:1–7; 28:16–20; Mga Gawa 2:37–41; 8:35–39; 10:44–48; 16:29–34; 19:1–6; Roma 6:3–4; Galacia 3:26–28; Colosas 2:12; 1 Pedro 3:18–22)

## XIII. Ang Hapunan ng Panginoon

**13** Naniniwala tayo na ang komunyong hapunan na itinatag ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo ay isang sakramento na nagpapangaral sa Kaniyang buhay, mga paghihirap, at handog na kamatayan, muling pagkabuhay, at ang pag-asa sa Kaniyang muling pagbabalik. Ang Hapunan ng Panginoon ay isang kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos na kung saan si Cristo ay naruruon sa

pamamagitan ng Banal na Espiritu. Lahat ay inaanyayahan na makibahagi sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo at mabago sa buhay, kaligtasan, at sa pakikiisa bilang simbahan. Lahat ay dapat makibahagi sa pamamagitan ng pagbibigay galang sa kahalagahan nito, at sa pamamagitan nito ay ipakita ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kaniyang pagparito. At lahat ng may pananalig kay Cristo at pagmamahal sa mga pinabanal ay inaanyayahan ni Cristo na makibahagi nang madalas hangga't maaari.

(Exodo 12:1–14; Mateo 26:26–29; Marcos 14:22–25; Lucas 22:17–20; Juan 6:28–58; 1 Corinto 10:14–21; 11:23–32)

# 12

# Mula-sa-Diyos na Pagpapagaling, Ang Pangalawang Pagdating ni Cristo, at Ang Muling Pagkabuhay, Paghuhukom, at Patutunguhan

### XIV. Mula-sa-Diyos na Pagpapagaling

**14** Naniniwala tayo sa biblikal na katuruan ng mula-sa-Diyos na pagpapagaling at humihimok sa ating mga tao na mag-alok ng pananalangin nang may pananampalataya para sa kagalingan ng mga may karamdaman. Naniniwala rin tayo na ang Diyos ay nagpapagaling sa pamamagitan ng siyensiyang medikal.

(2 Mga Hari 5:1–19; Awit 103:1–5; Mateo 4:23–24; 9:18–35; Juan 4:46–54; Mga Gawa 5:12–16; 9:32–42; 14:8–15; 1 Corinto 12:4–11; 2 Corinto 12:7–10; Santiago 5:13–16)

### XV. Ang Pangalawang Pagdating Ni Cristo

**15** Naniniwala tayo na ang Panginoon Jesu-Cristo ay muling babalik; na tayong mga nabubuhay sa Kaniyang pagbalik ay hindi mauuna sa kanila na mga natutulog kay Cristo Jesus; sa halip, kung tayo ay nanatili sa Kaniya, tayo ay babaguhin kasama ng mga pinabanal na muling binuhay para makapiling ang Panginoon; upang sa gayon ay makasama ang Panginoon magpakailan man.

(Mateo 25:31–46; Juan 14:1–3; Mga Gawa 1:9–11; Filipos 3:20–21; 1 Tesalonica 4:13–18; Tito 2:11–14; Hebreo 9:26–28; 2 Pedro 3:3–15; Pa-

hayag 1:7–8; 22:7–20)

## XVI. Ang Muling Pagkabuhay, Paghuhukom, at Patutunguhan

**16** Naniniwala tayo sa muling pagkabuhay mula sa mga patay, na ang mga katawan ng matutuwid at hindi matutuwid ay parehong muling bibigyang buhay at muling pag-iisahin sa kanilang mga espiritu—"sila na mga gumawa nang mabuti, para sa muling pagkabuhay tungo sa buhay [o walang hanggang buhay]; at sila na mga gumawa nang masama, para sa muling pagkabuhay tungo sa kaparusahan [o walang hanggang kamatayan],

**16.1** Naniniwala tayo sa paparating na paghuhukom na kung saan ang bawa't tao ay haharap sa Diyos ayon sa kanilang mga ginawa sa buhay na ito.

**16.2** Naniniwala tayo na ang maluwalhati at walang hanggang buhay ay may katiyakan para sa lahat ng mga nananalig para sa kaligtasan, at matapat na sumusunod kay Jesu-Cristo na ating Panginoon; at ang mga hindi lubos na nagsisisi ay mapapahamak nang walang hanggan sa impyerno.

(Genesis 18:25; 1 Samuel 2:10; Awit 50:6; Isaias 26:19; Daniel 12:2–3; Mateo 25:31–46; Marcos 9:43–48; Lucas 16:19–31; 20:27–38; Juan 3:16–18; 5:25–29; 11:21–27; Mga Gawa 17:30–31; Roma 2:1–16; 14:7–12; 1 Corinto 15:12–58; 2 Corinto 5:10; 2 Tesalonica 1:5–10; Pahayag 20:11–15; 22:1–15)

# ANG ATING PAMAMAHALA

## Ano ang pamamaraan ng ating pamumuno?

# 13
# Ang Pagiging Kasapi

## ANG SIMBAHAN

**17** Ang Simbahan ng Diyos ay binubuo ng lahat ng mga taong muling binuhay sa Espiritu, na ang kanilang mga pangalan ay nakasulat sa langit [o aklat ng buhay].

**18** Ang iba't ibang simbahan ay binubuo ng mga muling binuhay sa Espiritu na may pagpapahintulot ng Diyos, at sa pangunguna ng Banal na Espiritu, ay naging nagkakaisang samahan para sa banal na pagtitipon at mga gawain.

**19** Ang *Church of the Nazarene* ay binubuo ng mga taong boluntaryong nagsama-sama sa [ganang] kanilang sarili nang naaayon sa mga katuruan at pamamahala ng nasabing simbahan, at mga naghahanap ng banal na Kristiyanong pagtitipon, ang kaligtasan ng mga makasalanan, ang ganap na pagpapabanal ng mga nananalig, ang kanilang pagtatayo sa kabanalan, at ang pagpapakita ng payak at espiritwal na kapangyarihan ng naunang Bagong Tipang simbahan, kasama na ang pangangaral ng mabuting balita sa lahat ng mga nilalang.

**20** Ang pagkilala sa karapatan at pribilihiyo ng mga tao sa pagiging kasapi ng simbahan ay nakasalalay sa katotohanan ng kanil-

ang karanasan ng muling pagbibigay-buhay, tinitiyak lang natin na ang pagsang-ayon nang tapat sa mga paniniwala ay kasing halaga sa Kristiyanong karanasanan. Dahil dito, ating ipinapalagay ang paniniwala sa mga sumusunod na maiksing mga pahayag ay sapat na. Naniniwala tayo:

**20.1** Sa Isang Diyos—Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu

**20.2** Ang Luma at Bagong Tipan na mga Kasulatan, na ibinigay sa pamamagitan ng pangkalahatang inspirasyon o pagkasiha ng Banal na Espiritu, ang naglalaman ng lahat ng katotohanang kailangan para sa pananampalataya at Kristiyanong pamumuhay.

**20.3** Ang mga tao ay ipinanganak na may likas na taglay ng pagkahulog sa kasalanan, at dahil dito ay may pagkahilig sa masama, at ito ay nagpapatuloy.

**20.4** Ang mga lubusang hindi nagsisi ay walang pag-asa at walang hanggang naliligaw.

**20.5** Ang pagbabayad-sala sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay para sa lahat ng lahi ng tao; at ang sinumang magsisi at manalig sa Panginoong Jesu-Cristo ay itinuring na matuwid at muling binuhay at naligtas mula sa [pagsakop ng at] pagpapasakop sa kasalanan.

**20.6** Na lahat ng mga nananalig ay dapat mapabanal ng lubusan, kasunod ng muling pagbibigay-buhay, sa pamamagitan ng pananalig sa Panginoong Jesu-Cristo

**20.7** Ang Banal na Espiritu ang sumasaksi sa bagong kapanganakan, at gayun din sa ganap na pagpapabanal ng mga nananalig.

**20.8** Ang ating Panginoon ay muling babalik, ang mga namatay ay muling bubuhayin, at ang huling paghuhukom ay mangyayari.

# 14

## Ang Ating Pangako

**21.** Isang mapalad na pribilihiyo at sagradong tungkulin ng lahat ng mga naligtas sa kanilang mga kasalanan at mga naghahanap ng kalubusan kay Cristo Jesus ang makasama sa nakikitang simbahan. Nararapat para sa lahat ng mga naglalayon na maki-isa sa *Church of the Nazarene*, at sa gayon ay makilakad nang may pakikipag-isa sa atin, na sila ay dapat magpakita ng katiyakan ng kanilang kaligtasan mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng maka-Diyos na paglakad [o pamumuhay] at mahalagang buhay espiritwalidad; at sila ay dapat, o may masidhing hangarin na maging, malinis sa lahat ng nananatiling kasalanan. Dapat nilang ipakita ang kanilang pangako sa Diyos—

**21.1** UNA. Sa pag-gawa ng kung ano ang hinihingi [o itinuturo] ng Salita ng Diyos, na siyang ating panuntunan sa parehong pananampalataya at pamumuhay, kasama ang:

(1) Ibigin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, pag-iisip, at kalakasan, at ibigin ang kapwa gaya ng pag-ibig sa sarili (Exodo 20:3–6; Levitico 19:17–18; Deuteronomio 5:7–10; 6:4–5; Marcos 12:28–31; Roma 13:8–10).

(2) Pagbibigay diin sa mga hinihingi [o ipinapangaral] ng mabuting balita na nangangailangan ng pansin ng mga hindi pa naligtas, nag-aanyaya sa kanila sa bahay ng Panginoon, at sa pagsusumikap na pangunahan sila tungo sa kanilang kaligtasaan (Mateo 28:19–20; Mga Gawa 1:8; Roma 1:14–16; 2 Corinto 5:18–20).

(3) Pagiging magalang sa lahat ng mga tao (Efeso 4:32; Tito 3:2; 1 Pedro 2:17; 1 Juan 3:18).

(4) Pagiging matulungin sa mga kasama rin sa pananalig, may pagtitiis sa pag-ibig sa isa't isa (Roma 12:13; Galacia 6:2, 10; Colosas 3:12–14).

(5) Maghangad na gumawa nang mabuti sa mga katawan at kaluluwa ng mga tao; pakainin ang mga naguguton, damitan ang mga walang kasuutan, bisitahin ang mga may sakit at mga nakakulong, at paglingkuran ang mga nangangailangan, habang may pagkakataon at kakayahan na ibinibigay [ang Diyos] (Mateo 25:35–36; 2 Corinto 9:8–10; Galacia 2:10; Santiago 2:15–16; 1 Juan 3:17–18).

(6) Makibahagi sa pagsuporta sa mga ministeryo at sa simbahan at sa mga gawain nito sa pamamagitan ng mga ikapu at mga kaloob (Malakias 3:10; Lucas 6:38; 1 Corinto 9:14; 16:2; 2 Corinto 9:6–10; Filipos 4:15–19).

(7) Dumalo nang may katapatan sa lahat ng ordinansa ng Diyos, at mga daluyan ng kagandahang-loob ng Diyos, kasama ang pampublikong pananambahan sa Diyos (Hebreo 10:25), ang ministeryo ng Salita (Mga Gawa 2:42), ang sakramento ng Banal na Hapunan ng Panginoon (1 Corinto 11:23-30); nagsasaliksik ng Kasulatan at nagmumuni-muni dito (Mga Gawa 17:11; 2 Timoteo 2:15; 3:14-16); mga pang-pamilya at pribadong debosyon (Deuteronomio 6:6-7; Mateo 6:6).

**21.2** PANGALAWA. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa iba't ibang uri ng kasamaan, kasama ang:

(1) Paggamit sa pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan (Exodo 20:7; Levitico 19:12; Santiago 5:12).

(2) Paglapastangan sa Araw ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsali sa mga hindi nararapat na mga gawaing sekular, at sa gayon ay nakikiayon sa mga gawaing walang pagpapahalaga sa kabanalan nito (Exodo 20:8–11; Isaias 58:13–14; Marcos 2:27–28; Mga Gawa 20:7; Pahayag 1:10).

(3) Imoralidad na sekswal, gaya ng pakikipagtalik bago ang kasal, pakikipagtalik sa hindi asawa, o pakikipag-relasyon sa kapwa [lalaki o babae], iba't ibang anyo ng kabuktutan o pagiging maluwag

at hindi maayos na pamumuhay (Genesis 19:4–11; Exodo 20:14; Levitico 18:22; 20:13; Mateo 5:27–32; Roma 1:26–27; 1 Corinto 6:9–11; Galacia 5:19; 1 Tesalonica 4:3–7; 1 Timoteo 1:10).

(4) Pag-uugali o mga gawain na kilalang nakakasira sa kalusugan ng katawan at isipan. Dapat na ituring ng mga Kristiyano ang kanilang sarili bilang templo ng Banal na Espiritu (Mga Kawikaan 20:1; 23:1–3; 1 Corinto 6:17–20; 2 Corinto 7:1; Efeso 5:18).

(5) Pakikipag-away, pagbalik ng masama sa masama, tsismis, panlalait, pagkakalat ng mga nakakasira sa magandang pangalan ng iba (2 Corinto 12:20; Galacia 5:15; Efeso 4:30–32; Santiago 3:5–18; 1 Pedro 3:9–10).

(6) Kawalan ng katapatan, panlalamang sa pag-bili at pag-benta, pagsasabi ng hindi totoo, at katulad ng mga gawa ng kadiliman [o kasamaan] (Levitico 19:10–11; Roma 12:17; 1 Corinto 6:7–10).

(7) Ang pagkahumaling sa kapalaluan sa pananamit o pag-uugali. Ang ating mga tao ay dapat manamit nang payak at maayos na nararapat sa kabanalan (Kawikaan 29:23; 1 Timoteo 2:8–10; Santiago 4:6; 1 Pedro 3:3–4; 1 Juan 2:15–17).

(8) Musika, litiratura, at mga kaaliwan na hindi nagbibigay dangal sa Diyos (1 Corinto 10:31; 2 Corinto 6:14–17; Santiago 4:4).

**21.3** PANGATLO. Sa pamamagitan nang taos-pusong pakikiisa sa simbahan, hindi panunuligsa [nang laban], kundi pagpapasakop sa mga katuruan nito at sa mga paggamit at pagsali sa mga gawain nito sa patuloy na pagsaksi at paghayo (Efeso 2:18-22; 4:1-3; 11-16; Filipos 2:1-8; 1 Pedro 2:9-10).

# 15

# Pamumunong Kinatawan

## MGA ARTIKULO NG ORGANISASYON AT PAMAMAHALA

**22** Ang *Church of the Nazarene* ay may isang kinatawang uri ng pamamahala.

**22.1** Nagkasundo tayo na may tatlong sangay ng pambatasan sa straktura ng *Church of the Nazarene*: lokal, distrito, at pangkalahatan. Ang rehiyon ay nagsisilbing isang administratibong sangay para sa estratihiyang pang misyon at implimintasyon nito.

**22.2** Nagkasundo tayo sa pangangailangan ng isang superintendente na siyang pupuno at tutulong sa lokal na simbahan para sa katuparan ng layunin at mga mithiin nito. Ang superintendente ay magpapatibay ng moral, magbibigay motibasyon, magkakaloob ng pangangalaga at paraan ng pagtulong, at mag-oorganisa at magpapalakas sa organisasyon ng mga bagong simbahan at misyon sa iba't ibang dako.

**22.3** Nagkasundo tayo na ang kapangyarihang ipinagkaloob sa mga superintendente ay hindi dapat sa pakikialam sa mga ginagawa ng isang ganap na organisadong simbahan. Ang bawa't simbahan ay

dapat masiyahan sa karapatan nito na pumili ng sarili nitong pastor, na sumasailalim sa pahintulot ng Pangkalahatang Pagtitipon ayon sa karunungan nito para sa institusyon. Ang bawa't simbahan ay pipili rin ng kanilang sariling delegado sa iba't ibang pagtitipon, pamahalaan ang mga pananalapi nito, at pamunuan ang lahat ng iba pang bagay kaugnay sa buhay at gawain nito.

**23** Ang pagiging kasapi sa isang lokal na simbahan ay binubuo ng lahat ng mga [taong] inorganisa bilang simbahan ng isang may kapangyarihan para gawin ito, at pampublikong tinanggap ng mga nararapat na may kapangyarihan, at matapos nilang ipahayag ang kanilang karanasan sa kaligtasan, ang kanilang pananampalataya sa mga doktrina [o katuruan ng simbahan], at kanilang kagustuhan na magpasakop sa ating pamamahala.

# 16
# Pangkalahatang Pagtitipon

**24** Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay siyang mag-oorganisa sa mga kasapi ng simbahan para sa mga pagtitipon ng distrito, magbibigay sa mga laygo at inordinahang manggagawa bilang kinatawan sa Pagkalahatang Pagtitipon ayon sa nararapat at tamang pasya nito, at siya ring magpapasya sa mga kwalipikasyon para sa mga kakatawan, ngunit dapat ang lahat ng kasapi ay mga naka-*assign* na inordinahang manggagawa. (200-2007.6)

**25 Papaano binubuo**. Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay binubuo ng magkaparehong bilang ng mga inordinahang manggagawa at laygo na mga delegado, sila ay mga nahalal ng mga pagtitipong pang-distrito ng *Church of the Nazarene*; ang mga *ex-officio* na mga kasapi ay ayon sa pahintulot ng Pangkalahatang Pagtitipon sa bawa't pagkakataon; at ang mga delegado ng mga distrito sa ilalim ng pamumuno ng *Global Mission Committee* ng *Church of the Nazarene* na may pahintulot ng Pangkalahatang Pagtitipon.

**25.1 Paghalal sa mga Delegado.** Sa loob ng 16 na buwan ng pagpupulong ng Pangkalahatang Pagtitipon o sa loob ng 24 oras sa mga lugar na kung saan ang *visa* sa paglalakbay o iba pang mga natatanging paghahanda ay pawang kinakailangan, isang magkaparehong bilang ng mga manggagawa at laygo sa Pangkalahatang Pag-

titipon ang ihahalal sa pamamagitan ng nakararaming boto, kasama nito ang panuntunan na ang mga manggagawang delegado ay naitalaga bilang mga manggagawa ng *Church of the Nazarene*. Ang bawa't pagtitipon ng *Phase* 3 na distrito ay may karapatan sa kahit isang manggagawa at isang laygong delegado, at ang mga dagdag na delegado bilang mga kasapi ay nangangailangan pag-aayos bilang basehan ng mga kinatawan ayon sa mungkahi ng pangkalahatang Pagtitipon. Ang bawa't Pagtitipon ng distrito ay may karapatang pumili ng mga delegado nito nang hindi hihigit sa sa doble nitong bilang na mga delegado. Sa mga sitwasyon na kung saan ang mga *visa* ay may problema, ang pang distritong pagtitipon ay maaaring magbigay ng kapangyarihan sa *District Advisory Board* na pumili ng karagdagang kahalili. (205.23, 301-301.1)

**25.2 Mga Kredensyal**. Ang kalihim ng bawa't pagtitipon ng distrito ay magbibigay ng mga katibayan ng pagkahalal bilang delegado at iba't ibang alternatibo na nahalal para sa Pangkalahatang Pagtitipon, at agad magpapadala sa mga nasabing katibayan sa pangkalahatang kalihim ng *Church of the Nazarene* kasunod ng pagtatapos ng pagtitipon ng distrito.

**25.3 Korum**. Ang korum sa anumang pagpupulong ng Pangkalahatang Pagtitipon ay sa pamamagitan ng nakararaming [*majority*] delegadong bumuboto na nakatala sa pinagdarausan ng Komite ng Kredensyal ng Pangkalahatang Pagtitipon. Kung ang korum ay naabot, ang mas maliit na bilang ay pwedeng magpahintulot sa hindi pa tinatanggap na minuto at sa gayon magtatapos ang pagpupulong.

# 17
# Pangkalahatang Superintendente

**25.4 Mga Pangakalahatang Superintendente**. Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay siyang hahalal sa pamamagitan ng balota mula sa mga inordinahang manggagawa ng *Church of the Nazarene* ng anim na Pangkalahatang Superintendente, na silang bubuo sa Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente. Anumang bakante sa tanggapan ng pangkalahatang superintendente sa pansamantala ng mga Pangkalahatang Pagtitipon ay dapat punuan sa pamamagitan ng dalawa-sa-tatlo [*two-thirds*] na boto ng Pangkalahatang Lupon ng *Church of the Nazarene*.

**25.5 Mga Namumunong Opisyal**. Ang isang pangkalahatang superintendente na itinalaga ng Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente ay siyang mamumuno sa mga ara-araw na pagpupulong ng Pangakalahatang Pagtitipon. Nguni't kung walang pangkalahatang superintendente na itinalaga o naroroon, ang Pangkalahatang Pagtitipon ay pipili ng isa mula sa mga kasapi nito bilang pansamantalang mamumunong opisyal. (300.1)

**25.6 Mga Panuntunan ng Kaayusan**. Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay siyang magpapatibay sa mga panuntunan ng kaayusan na siyang sasaklaw sa kaparaanan ng organisasyon, mga pamamaraan,

mga komite, at lahat ng iba pang bagay patungkol sa maayos na pagpapatakbo ng mga gawain nito. Siya rin ang magsisilbing tagapasya o tagahatol sa pagpipili at mga katangian ng mga kasapi nito. (300.2-300.3)

**25.7 Pangkalahatang Korte ng mga Pag-aapela**. Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay siyang hahalal mula sa mga kasapi ng *Church of the Nazarene* ng Pangkalahatang Korte ng mga Pag-aapela at siyang magpapasya ng nasasakupan at kapangyarihan nito. (305.7)

**25.8 Mga Katangian at Mga Paghihigpit**.

1. Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay may kapangyarihan na magpasya kaugnay sa mga batas ng *Church of the Nazarene*, at gumawa ng mga tuntunin at regulasyon para sa lahat ng mga departamento kaugnay dito at kasama nito sa ibang aspeto, nguni't hindi salungat sa Konstitusyong ito.
2. Walang lokal na simbahan ang dapat pagkaitan ng karapatan para pumili ng pastor, na napapasailalim sa gayong pagsang-ayon alinsunod sa karunungan ng Pagkalahatang Pagtitipon. (115)
3. Ang lahat ng mga lokal na simbahan, mga opisyal, mga manggagawa, at mga laygo ay laging may karapatan sa tama at maayos na paglilitis at ang karapatan para gumawa ng apela.

# 18
# Mga Pagbabago

## MGA PAGBABAGO

**26** Nangangailangan ng dalawa-sa-tatlong boto sa bawa't pagbabagong konstitusyon ayon sa panukala ng *Phase* 3 o *Phase* 2 na pang distritong pagtitipon. Maaaring ang Pangkalahatang Pagtitipon o alin man sa *Phase* 3 o *Phase* 2 na pang distritong pagtitipon ang siyang magmumungkahi ng anumang mga pagbabago. At sa pagkakataon na ang mga pagbabago ay tanggapin ayon sa mga napapaloob dito, ang resulta ng pagboboto ay ipapahayag ng Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente, na kung saan ang mga pagbabago ay buong isasakatuparan.

**27** Ang mga resolusyon ng pagbabago sa Artikulo ng Pananampalataya (*paragraph* 1-16.2) ay ipagkakaloob ng Pangkalahatang Pagtitipon sa Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente para muling suriin ng isang komite ng pag-aaral, kasama ang mga teyologo at mga inordinahang manggagawa ng simbahan, na itinalaga ng Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente na nagpapahayag ng pandaigdigang kalikasan ng ating simbahan. Ang komite ay magbibigay ulat, kalakip ang mga rekomendasyon at mga pagbabagong ginawa, sa Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente, na sila ring magbibigay ulat sa susunod na Pangkalahatang Pagtitipon.

# ANG TIPAN NG KRISTIYANONG PAG-UUGALI

## Paano tayo namumuhay?

# 19
# Ang Bago at Banal na Pamumuhay

## ANG TIPAN NG KRISTIYANONG PAG-UUGALI

**28** May kagalakang ipinapangaral ang mabuting balita na tayo ay maaaring mapalaya sa lahat ng kasalanan tungo sa bagong buhay kay Cristo. Sa kagandahang-loob ng Diyos, tayo bilang mga Kristiyano ay "naghubad sa dati nating pagkatao"—ang lumang pamarisan ng ating pag-uugali kasama na rin ang makamundo nating pag-iisip—at "nagsuot ng bagong pagkatao"—isang bago at banal na paraan ng buhay kasama rin ang pag-iisip ni Cristo.
(Efeso 4:17–24)

**28.1** Layunin ng *Church of the Nazarene* na iugnay ang mga walang hanggang biblikal na prinsipyo sa napapanahong sosyodad ngayon na kung saan ang mga doktrina at mga tipan ng simbahan ay maipahayag at maunawaan sa maraming lupain at nararapat na mapaloob sa iba't ibang kultura. Pinanghahawakan natin na ang Sampung Utos, na pinagtibay sa mga katuruan ni Jesu-Cristo sa Bagong Tipan, ay napahayag nang lubos at tumpak sa Dakilang Komisyon at sa Pangangaral sa Bundok, na pawang bumubuo sa payak na pamantayan ng Kristiyanong pamumuhay.

**28.2** Higit pa itong kinikilala na may katiyakang tunay sa pananaw ng pangkalahatang Kristiyanong kunsensiya na binigyang liwanag at patnubay ng Banal na Espiritu. Ang *Church of the Nazarene*, bilang isang pandaigdigang pahayag ng Katawan ni Cristo, ay kumikilala sa tungkulin nito na maghanap ng mga paraan para magkaroon ng tunay na katutubong anyo ang Kristiyanong pamumuhay upang maihatid sa isang etikang may kabanalan. Ang makasaysayang mga etikal na pamantayan ng simbahan ay pawang ipinahahayag nang bahagya sa mga sumusunod. Marapat silang sundin nang may pag-iingat at malalim na kunsensiya bilang mga gabay at mga tumutulong sa banal na pamumuhay. Ang mga lumalabag sa kunsensiya ng simbahan ay sadyang gumagawa nito para sa kanilang ikasisira at sa ikasasama ng patotoo ng simbahan. Ang mga kulturang pagbabagay ay dapat ipagbigay alam sa, at bigyan ng pahintulot, ng Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente.

**28.3** Ang *Church of the Nazarene* ay naniniwala sa bago at banal na paraan ng pamumuhay na sumasaklaw sa mga gawain na dapat iwasan at mga gawain ng pag-ibig na may pagtutubos tungo sa katuparan para sa mga kaluluwa, mga isipan, at mga katawan ng ating mga kapwa. Ang lugar o pagkakaroon ng pag-ibig na may pagtutubos ay kasama sa pakikipag-ugnayan ni Jesus, at kaniyang iniutos sa kaniyang mga alagad na magkaroon nito, sa mga mahihirap sa mundong ito; na ang Kaniyang simbahan ay nararapat na, una, manatiling payak at malaya sa mga paghahangad sa kayamanan at karangyaan at, pangalawa, at ibigay ang sarili nito sa pangangalaga, pagpapakain, pagbibigay kasuutan at tahanan para sa mga mahihirap at mga nasa laylayan ng lipunan. Napapaloob sa Biblia at sa buhay at halimbawa ni Jesus, ang pakikipag-ugnayan at pagtulong ng Diyos sa mga mahihirap, sa mga api, at sa mga nasa lipunan na hindi makapagsalita para sa kanilang sarili. Sa gayon ding paraan, tayo rin ay mga tinawag para makipag-ugnayan at makiisa sa mga mahihirap. Ating pinanghahawakan na kasama ng ministeryo ng pagkahabag sa mga mahihirap ang mga gawang may pag-ibig at pakikibaka para bigyang oportunidad, pagkakapantay-pantay, at kata-

rungan ang mga mahihirap. Higit pa nating pinaniniwalaan na ang Kristiyanong responsabilidad sa mga mahihirap ay mahalagang bahagi ng buhay ng bawa't nananalig na naghahanap ng isang pananampalalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig. Naniniwala tayo na ang Kristiyanong kabanalan ay hindi maihihiwalay sa ministeryo sa mga mahihirap sapagkat ito ay tumutulak sa mga Kristiyano nang higit pa sa kanilang sariling kasakdalan at tungo sa paglikha nang mas makatarungan lipunan at sanlibutan. Higit sa paglayo ng mga mananampalataya sa mga pangangailangan ng mga mahihirap sa mundong ito, ang kabanalan ang nag-uudyok sa atin para ilagak natin ang ating mga kaparaanan sa paglilingkod tungo sa pag-angat sa mga mahihirap at pagsasaayos ng ating mga kagustuhan ayon sa mga pangangailangan ng iba.

(Exodo 23:11; Deuteronomio 15:7; Mga Awit 41:1; 82:3; Mga Karunungan 19:17; 21:13; 22:9; Jeremias 22:16; Mateo 19:21; Lucas 12:33; Mga Gawa 20:35; 2 Corinto 9:6; Galacia 2:10)

**28.4** Sa paglilista ng mga gawain na dapat iwasan, ating kinikilala na walang katalog o listahan, gaano man ito sumasaklaw sa lahat, ang maaaring magkaroon ng pag-asa na sasaklaw sa lahat ng anyo ng masama sa buong sanlibutan. Dahil dito, marapat na lahat ng ating tao ay taimtim na maghanap ng tulong ng Espiritu para linangin ang isang pagiging sensitibo sa masama na humihigit pa sa mga nakasulat sa batas; inaalala ang paalala: "Subukan ang lahat; panghawakan ang kung ano ang Mabuti, [at] iwasan ang lahat ng uri ng masama."

(1 Tesalonica 5:21–22)

**28.5** Ang ating mga tagapamuno at mga pastor ay inaasahan na magbibigay nang malakas na pag-didiin sa ating mga peryodiko at mula sa ating mga pulpito patungkol sa mga mahahalagang katotohanang biblikal na siyang magpapaunlad sa kapangyarihang magbibigay kaibhan sa masama at sa mabuti.

**28.6** Ang edukasyon ay sukdulang mahalaga para sa lipunan at espiritwalidad na kagalingan ng lipunan. Ang mga organisasyon at

mga institusyong pang edukasyon, tulad ng mga Pag-aaral sa Araw nang Linggo, mga paaralan (mula sa pinakamababa hanggang sekondarya), mga *centers* ng pag-aalaga sa mga bata, matataas na paaralan at mga seminaryo, ay inaasahan na magturo sa mga bata, kabataan, at mga nasa hustong gulang ng mga prinsipiyong biblikal at mga panuntunang etikal na magpapahayag sa ating mga paniniwala. Ang gawaing ito ay kapalit o karagdagan sa mga pampublikong paaralan. Ang edukasyon na nagmumula sa publiko ay dapat dagdagan ng pagtuturo ng kabanalan sa tahanan. Dapat na palakasin ang mga Kristiyano na magsimula o makiisa sa mga pampublikong institusyon para magbigay saksi at magbigay impluwesiya sa mga institusyong ito para sa kaharian ng Diyos.

(Mateo 5:13–14)

# 20
## Mga Dapat Iwasan

**29** Pinanghahawakan nating mabuti at higit ang mga sumusunod na gawain na dapat iwasan:

**29.1 Mga Libangan na salungat o mapanghimagsik sa Kristiyanong paniniwala o etika**. Ang ating mga tao, pareho bilang mga indibidwal na Kristiyano at bilang maliit na bahagi ng Kristiyanong pamilya, ay dapat gabayan ang kanilang mga sarili ng tatlong mga prinsipiyo. Una ay ang Kristiyanong pangangalaga sa panahon o oras na walang ginagawa. Ang ikalawang prinsipiyo ay ang pagkilala sa Kristiyanong tungkulin na ipamuhay ang pinakamataas na moralidad na panuntunan ng Kristiyanong pamumuhay. Sa dahilan na tayo ay namumuhay sa panahon nang may malaking pagkalito sa moralidad na kung saan ating hinaharap na maaaring manghimasok ang mga kasamaan ng kapanahunan sa banal na saklaw ng ating mga tahanan sa pamamagitan ng iba't ibang kaparaanan gaya ng mga litiratura ngayon, radio, telebisyon, mga pansariling *computer*, at maging ng *Internet*, mahalaga na ang masusing pagbabantay ay dapat gawin para mapanatili ang ating mga tahanan na hindi maging sekular at makasanlibutan. Nguni't ating pinanghahawakan na ang libangan na nagpapakilala at nagpapalakas sa banal na pamu-

muhay, na nagbibigay tibay sa mga pagpapahalaga ayon sa Kasulatan, at nagbibigay supurta sa kabanalan ng pangako ng pag-aasawa at ang pagiging exklusibo nito bilang tipan ng pag-aasawa, ay dapat pagtibayin at palakasin. Higit nating hinihikayat ang mga kabataan na gamitin ang kanilang mga kaloob sa *media* at sining para sa mabuting impluwesiya sa lumalaganap nilang kultura. Ang ikatlong prinsipiyo ay ang obligasyon na magbigay saksi laban sa mga humahamak at lumalapastangan sa Diyos, at gayun din ang mga katulad nitong mga kasamaan sa lipunan gaya ng mga karahasan, sensuwalidad, masamang babasahin o pornograpiya, pag-alipusta, at mga okultismo, na ipinapakita sa pamamagitan ng iba't ibang komersiyo ng industriya ng paglilibang, at ang pagsusumikap na mapuksa ang mga gawain na naghahatid ng gayong mga libangan. Kasama dito ang pag-iwas sa mga uri ng larangan ng libangan at produksiyon ng *media* na gumagawa, nagpapalawak at nagpapakita ng mga karahasan, kalaswaan, pornograpiya, panlalait, o mga okultismo o mga nagpapakita ng karangyaan ng pilosopiya ng sanlibutan pantungkol sa sekular na paniniwala, sensuwalidad, at materialismo na sumisira sa mga panuntunan ng Diyos sa kabanalan ng puso at buhay.

Nangangailangan ito ng pagtuturo at pangangaral sa mga moralidad ayon sa panuntunan ng Kristiyanong pamumuhay, at ang ating mga tao ay dapat maturuan na gumamit nang may karunungan sa patuloy na pagpili ng "mataas na daanan" ng banal na pamumuhay. Kung kaya't ating pinananawagan sa lahat ng ating mga tagapamuno at mga pastor na bigyan nang malakas na pagdidiin sa ating mga peryodiko at mula sa ating mga pulpito ang ating mga mahahalagang katotohanan na silang magpapatibay sa mga prinsipiyo ng karunungan sa pagpipili sa pagitan ng masama at mabuti na makikita sa mga medya ngayon.

Mungkahi natin na ang panuntunang ibinigay kay John Wesley ng kaniyang ina, at ito ay, "anumang magpapahina ng iyong pag-iisip, sumisira sa kaamuan ng iyong konsiyensiya, nagpapalabo sa iyong paniniwala sa Diyos, o maglalayo sa mga magiliw na espirituwal na bagay, anumang magpapalakas sa kapangyarihan ng iyong katawan nang higit sa iyong isipan, ang bagay na iyan ay kasalanan

para sa iyo," ang siyang humuhubog na basehan sa katuruan ng karunungan sa pagpipili. (28.2-28.4, 926-931)

(Roma 14:7–13; 1 Corinto 10:31–33; Efeso 5:1–18; Filipos 4:8–9; 1 Pedro 1:13–17; 2 Pedro 1:3–11)

**29.2 Mga Lottery at iba pang mga anyo ng pagsusugal, legal man o hindi.** Pinanghahawakan ng simbahan ang pinal na resulta ng ganitong mga gawain ay nakakasira sa parehong indibidwal at lipunan.

(Mateo 6:24–34; 2 Tesalonica 3:6–13; 1 Timoteo 6:6–11; Hebreo 13:5–6; 1 Juan 2:15–17)

**29.3 Pagiging kasapi ng mga sekretong samahan nang may panunumpa o samahang panlipuanan kasama na ang, nguni't hindi limitado dito, *Freemasonry*.** Ang mga katangian ng *quasi*-na-relihiyon ng gayong orginsasyon ay nagpaparumi sa Kristiyanong katapatan, at ang kanilang pagiging sekreto ay sumasalungat sa bukas o hayag na patotoo ng mga Kristiyano. Ang isyong ito ay bibigyan ng konsiderasyon sa *paragraph* 112.1 kaugnay sa pagiging kasapi ng simbahan.

(1 Corinto 1:26–31; 2 Corinto 6:14–7:1; Efeso 5:11–16; Santiago 4:4; 1 Juan 2:15–17)

**29.4 Lahat ng uri ng pag-sasayaw na nakakasira sa espiritwal na paglago at nagwawasak ng moral ng hindi pag-sali at pagkakaroon ng paglalalaan.**

(Mateo 22:36–39; Roma 12:1–2; 1 Corinto 10:31–33; Filipos 1:9–11; Colosas 3:1–17)

**29.5 Ang paggamit ng mga nakakalasing bilang inumin, o pagtrapiko o hindi legal na pangangalakal nito; ang pagbibigay ng impluwensiya sa, o pagboto para sa, pagbibigay lisensya sa mga lugar na nagbebenta ng naturang inumin; paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot o pagbebenta o pangangalakal ng mga ito; paninigarilyo sa iba't ibang paraan o pagbebenta ng mga ito.**

Sa liwanag ng Banal na Kasulatan at ng karanasan ng tao kaug-

nay sa mga mapanirang bunga ng paggamit ng alak bilang inumin, at sa liwanag ng mga nalaman ng siyensiyang medikal patungkol sa mapanirang epekto pareho ng pag-inom ng alak at paninigarilyo sa katawan at isipan, bilang isang komunidad ng pananampalataya na nakatalaga sa paghahangad ng isang buhay na banal, ang ating posisyon at pamumuhay ay pag-iwas sa halip na katamtaman o moderasyon. Itinuturo ng Banal na Kasulatan na ang ating katawan ay templo ng Banal na Espiritu. Kasama ng ating pagpapahalaga sa sarili at sa iba, nanawagan tayo sa ating mga tao na umiwas o hindi gumamit ng lahat na nakakalasing. Karagdagan dito, ang ating Kristiyanong responsibilidad sa lipunan ay nanawagan sa atin na gumamit ng anumang lihitimo at legal na kaparaanan para mabawasan, kundi man tuluyang mawala, ang parehong inuming alak at sigarilyo. Ang malawak na pang-aabuso sa pag-inum ng alak sa ating mundo ay nangangailangan na tayo ay dapat kumatawan sa posisyon na pagtayo bilang saksi sa ibang tao.

(Kawikaan 20:1; 23:29–24:2; Hosea 4:10–11; Habakuk 2:5; Roma 13:8; 14:15–21; 15:1–2; 1 Corinto 3:16–17; 6:9–12, 19–20; 10:31–33; Galacia 5:13–14, 21; Efeso 5:18)

(Tanging walang halong alak na inumin lang ang maaaring gamitin sa sakramento ng Hapunan ng Panginoon.)

(515.4, 532.7, 533.2, 534.1, 700)

**29.6 Ang paggamit ng mga pampasigla, mga pampalumo, pangpalutang at iba pang mga nakakalasing na labas sa pangangalaga at gabay ng mismong medikal.**

Sa liwanag ng ebidensiya na naghahayag ng mga panganib ng gayong mga sangkap, kasama ang paghihikayat ng Kasulatan na manatiling responsible [at] may *control* o pagpipigil sa ating isipan at katawan, ating pinipili ang umiwas sa mga nakakalasing, pampasigla, pampalumo, at pangpalutang na labas sa pangangalaga at gabay ng medikal, anuman ang legalidad nito at pagkakaroon ng mga sangkap nito.

(Mateo 22:37–39; 27:34; Roma 12:1–2; 1 Corinto 6:19–20; 9:24–27)

# 21
# Kabanalan ng Buhay ng Tao

**30** Naniniwala ang *Church of the Nazarene* sa kabanalan ng buhay ng tao at nagsusumikap na pangalagaan ito laban sa mga pagpapalaglag, pag-aaral kaugnay sa embryonikong *stem cell*, eutanasya, at ang paglilihim sa mga makatuwirang pangangalagang medikal sa mga may kapansanan o mga matatanda.

**30.1 Sapilitang Pagpapalaglag.** Pinagtitibay ng *Church of the Nazarene* ang kabanalan ng buhay ng tao na itinatag ng Panginoong Manlilikha, at tayo ay naniniwala na ang gayong kabanalan ay sumasaklaw din sa sanggol na hindi pa ipinapanganak. Ang buhay ay isang kaloob mula sa Diyos. Ang lahat ng buhay, kasama na ang nabubuong buhay sa sinapupunan, ay mga nilikha ng Diyos ayon sa Kaniyang wangis, at nararapat lamang na pangalagaan, suportahan, at ingatan. Simula sa paglilihi, ang sanggol ay isang buhay na tao na may taglay na mga katangian ng tao, at ang buhay na ito ay umaasa sa nagdadala nitong ina para sa patuloy nitong paglago. At dahil dito, tayo ay naniniwala na ang buhay ng tao ay dapat bigyan ng pagpapahalaga at pangangalaga simula sa pagkalihi nito.

Ang may pananagutang paglaban sa pagpapalaglag ay nangangailangan ng ating pagkilos at suporta sa mga programa na nakadisenyo para sa pangangalaga ng mga ina at mga sanggol. Ang krisis sa hindi gustong pagbubuntis ay nanawagan sa komunidad ng mga nananalig (na mga angkop na kumakatawan sa mga may kaalaman

sa krisis) para magbigay ng konteksto ng pag-ibig, pananalangin, at pagpapayo. Sa gayong mga kalagayan, ang pagsuporta ay nakikita sa iba't ibang lugar na nagkakaloob ng mga payo, mga tahanan para sa mga manganganak, at sa paglikha at paggamit sa paglilingkod ng mga Kristiyanong bahay ampunan.

Kinikilala ng *Church of the Nazarene* na ang pagbibigay pag-iisip sa pagpapalaglag bilang paraan ng pagtapos sa hindi gustong pagdadalantao ay madalas nangyayari dahil ang mga Kristiyanong panuntunan sa sekswal na responsibilidad ay binabalewala. At dahil dito, ang simbahan ay nanawagan sa mga tao na ipamuhay ang etika sa Bagong Tipan na nagbibigay kahulugan sa sekswalidad ng tao at para bigyan ng pansin ang patungkol sa pagpapalaglag sa pamamagitan ng pag-iisip dito sa mas malawak na pananaw patungkol sa mga prinsipiyong biblikal na nagbibigay gabay para sa may moralidad na mga pagpapasya.

(Genesis 2:7, 9:6; Exodo 20:13; 21:12–16, 22-25; Levitico 18:21; Job 31:15; Mga Awit 22:9; 139:3–16; Isaias 44:2, 24; 49:5; Jeremias 1:5; Lucas 1:15, 23–25, 36–45; Mga Gawa 17:25; Roma 12:1–2; 1 Corinto 6:16; 7:1ff.; 1 Tesalonica 4:3–6)

Kinikilala rin ng *Church of the Nazarene* na marami ang mga naapektuhan ng trahedya sa pagpapalaglag. Ang bawat kongregasyon at indibidwal na nananalig ay pinapakiusapan na magbigay ng mensahe ng kapatawaran ng Diyos para sa bawat tao na mga nakaranas ng pagpapalaglag. Ang ating mga lokal na kongregasyon ay dapat na maging mga komunidad ng pagtutubos at pag-asa sa lahat ng mga nasaktan sa pisikal, emosyonal, at espritwal dulot ng kagustuhang tapusin nang maaga ang pagdadalantao.

(Roma 3:22–24; Galacia 6:1)

**30.2 Ang Inhenyeriyang Henetiko (***Genetic Engineering***) at** *Gene Therapy***.** Ang *Church of the Nazarene* ay sumusupurta sa paggamit ng inhenyeriyang henetiko para sa pag-abot sa *gene therapy*. Kinikilala natin ang *gene therapy* ay maaaring maghatid sa paghadlang at pagpapagaling sa mga malubhang karamdaman, at pagpig-

il at pagpagaling sa mga *anatomical* at mental na mga karamdaman. Tinututulan natin ang anumang uri ng inhenyeriyang henetiko na sumusulong sa mga hindi makatarungan sa panlipunan, bumabalewala sa dignidad ng mga tao, o ang mga pagsusumikap na maging angat sa iba sa larangang ng pansarili at makabansang pagkakilanlan, intilektwal, at panlipunang hangaring na maging angat sa iba (euheniko o *eugenics*). Tinututulan natin ang mga pagsisimula sa pag-aaral ng *DNA* na maghahatid sa pagsuporta o pagpapalaganap ng mga pagpapalaglag bilang alternatibong paraan ng pamumuhay. Sa lahat ng pagkakataon, ang pagbibigay galang sa hindi matatawarang dignidad ng buhay ng tao, ang pagkapantay-pantay ng mga tao sa harapan ng Diyos, at ang pagtatalaga sa habag at hustisya ang siyang dapat mamahala sa inhenyeriyang henetiko at *gene therapy*.

**30.3 Ang Pag-aaral sa *Stem Cell* sa pamamagitan ng Embryoniko ng Tao at Iba pang Mediko/Siyentipikong Pagsusumikap na Sumisira sa Buhay ng Tao Pagkatapos ng Paglilihi.** Binigbigyan ng malakas na suporta ng *Church of the Nazarene* ang komunidad ng siyentipiko sa pagsulong nito sa mga makabagong pag-aaral gaya ng teknolohiya sa *stem cell* na nakukuha sa mga bahaging katawan ng matatanda, gaya ng mga placenta, dugo sa pusod, mga hayop na pinagkukunan, at iba pang hindi-taong embryonikong pinagkukunan. Ito ay may makatuwirang layunin sa pagsusumikap na maghatid ng kagalingan para sa marami, nang walang pagbabalewala sa kabanalan ng buhay. Ang ating tinatayuan [o paniniwala] sa pag-aaral ng embryonikong *stem cell* ay nanggagaling sa ating paniniwala na ang embryoniko ng tao ay isang personang nilikha ayon sa wangis ng Diyos. At dahil dito, tinututulan natin ang anumang gamit ng *stem cell* galing sa embryoniko ng tao para sa pag-aaral, bilang kaparaanan ng pagpapagaling, o iba pang mga layunin.

Sa patuloy na pagkakaroon ng pagtuklas ng siyentipiko sa makabagong teknolohiya, matibay nating sinusuportahan ang pag-aaral na ito kung ito ay hindi lumalabag sa kabanalan ng buhay ng tao o ibang mga batas moral at biblikal. Nguni't tinututulan natin ang pagsira sa mga embryoniko ng tao sa anumang dahilan at anumang

pag-aaral na kumikitil sa buhay ng tao pagkatapos nitong ipaglihi. Susog sa paniniwalang ito, tinututulan natin, sa anumang layunin, ang paggamit sa mga bahagi ng katawan ng tao mula sa mga pinalaglag na nabuong sanggol.

**30.4 Ang *Cloning* sa Tao.** Tinututulan natin ang pag-*clone* sa isang indibidwal na nilalang. Ang tao ay pinahahalagahan ng Diyos, na siyang lumikha sa atin sa Kaniyang wangis, at ang *cloning* ng isang indibidwal na nilalang ay pagtuturing sa tao bilang bagay, dahilan para ibalewala ang personal na dignidad ng tao na ipinagkaloob sa atin ng ating Manlilikha.

**30.5 Eutanasya (kasama ang may tulong ng mediko doktor na pagpapakamatay).** Naniniwala tayo na ang eutanasya (ang sinandyang pagpatay sa isang nag-aagaw buhay na tao, o isang taong may malubhang sakit na hindi naman nakakamatay agad, sa layuning tapusin na ang paghihirap nito) ay hindi tugma o nababagay sa Kristiyanong pananampalataya. Saklaw nito ang mga kahilingan o pagpayag para isagawa ang eutanasya sa taong may karamdaman at may taning na ang buhay at ang may sakit ay hindi na kayang sumang-ayon (sa eutanasya). Naniniwala tayo na ang makasaysayang pagtutol sa eutanasya ng Kristiyanong simbahan ay pinagtitibay ng pagpapahayag ng pananalig kay Cristo bilang Panginoon. Ang eutanasya ay lumalabag sa Kristiyanong kumpiyansa sa Diyos bilang makapangyarihang Panginoon ng buhay sa pag-angkin ng kapangyarihang ito para sa sarili; lumalabag ito sa ating tungkulin bilang mga katiwala sa harapan ng Diyos; tumutulong din ito sa pagkasira sa kahalagahan ng Biblia sa pagbibigay halaga sa buhay ng tao at komunidad; mas pinahahalagahan nito nang higit ang pagbibigay wakas sa paghihirap; at ipinapakita nito ang kapalaluan ng tao sa harapan ng makapangyarihang Diyos. Nanawagan tayo sa lahat ng mga tao natin na tutulan ang lahat ng pagsusumikap na gawing legal ang eutanasya.

**30.6 Pahintulot para Mamatay.** Kapag ang kamatayan ng tao

ay sadyang malapit na, naniniwala tayo na ang pag-alis o hindi na pagbibigay ng patuloy sa suportang *artificial* ay maaaring gawin nang naaayon sa pamantayan ng Kristiyanong pananampalataya at gawa. Ang paniniwalang ito ay maaaring gawin sa mga taong nasa mala-gulay nang katayuan at sa mga taong ang mga kaparaanan ng pagpapanitili sa buhay ay sadyang wala ng nakikitang pag-asa para muling manumbalik sa kalusugan. Naniniwala tayo na kapag ang kamatayan ay hindi na mapipigilan, walang anumang bagay sa Kristiyanong pananampalataya ang magbibigay suporta upang ang proseso ng kamatayan ay pigilan pa ang buhay ng tao sa *artificial* na paraan. Bilang mga Kristiyano, nagtitiwala tayo sa katapatan ng Diyos at inilalagak ang ating pag-asa sa buhay na walang hanggan. Ito ay nagbibigay pahintulot sa mga Kristiyano na tanggapin na ang kamatayan bilang pagpapahayag ng pananalig kay Cristo na siyang nagtagumpay sa kamatayan para sa atin at siyang nag-alis ng tagumpay nito.

# 22

# Ang Kabanalan ng Sekswalidad ng Tao

**31 Ang pananaw ng *Church of the Nazarene* sa sekswalidad ng tao ay isang pagpapahayag ng kabanalan at kagandahan [nito] na siyang layunin ng Diyos.** Sa kadahilanan na ang lahat ng tao ay mga nilalang na nilikha sa wangis ng Diyos, sila ay may mataas na halaga at pakinabang. Bilang bunga nito, naniniwala tayo na ang sekswalidad ng tao ay nangangahulugan nang higit pa sa senswal na karanasan, at ito ay isang kaloob ng Diyos na ginawa para magpakita ng kabuuan ng ating pisikal at kaugnayan bilang nilikha.

Bilang mga tao ng kabanalan, pinagtitibay ng *Church of the Nazarene* na ang katawan ng tao ay mahalaga sa Diyos. Ang mga Kristiyano ay parehong tinawag at binigyang buhay sa pamamagitan ng nagpapabago at nagpapabanal na gawain ng Banal na Espiritu para sa kaluwalhatian ng Diyos sa at kasama ng ating mga katawan. Ang ating mga pandama, mga sekswal na panlasa, ang kakayahan na makaranas ng kasiyahan, at ang ating hangarin para sa pakikipag-ugnayan sa iba ay hinuhubog mula sa karakter ng Diyos. Ang ating mga katawan ay mabuti, sadyang napakabuti.

Pinagtitibay ng ating paniniwala sa Diyos na ang kaniyang mga nilikha ay gawa ng pag-ibig. Sa karanasan sa Diyos bilang pag-ibig, nauunawaan natin ang Sangtatlong Diyos bilang nagkakaisang pag-

ibig sa pagitan ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Dahil dito, tayo ay mga nilikha na may paghahangad para sa pakikipag-ugnayan sa iba sa ubod ng ating pagkatao. Ang paghahangad na ito ay nangyayaring tunay sa ating pamumuhay sa pakikipagtipan sa Diyos, sa sangnilikha, at sa pagmamahal sa ating mga  kapwa bilang ating sarili. Ang ating pagkalikha bilang mga panlipunang nilalang ay parehong mabuti at maganda. Ating ipinapahayag ang wangis ng Diyos sa ating kakayahan na makipag-ugnayan at sa hangarin natin na gawin ito. Ang mga tao ng Diyos ay hinubog bilang nagkaka-isa kay Cristo, isang mayamang komunidad ng pag-ibig at kagandahang-loob ng Diyos.

Sa loob ng komunidad na ito, ang mga nananalig ay tinawag para mamuhay bilang mga tapat na kasapi ng katawan ni Cristo. Ang pag-iisa sa buhay kasama ng mga tao ng Diyos ay dapat pahalagahan at panatilihin sa pamamagitan nang mayaman na pagsasama-sama ng buong simbahan at sa pagkaka-isa ng mga pinabanal. Ang pamumuhay bilang nag-iisa sa buhay ay paraan ng pamumuhay, katulad ng ginawa ni Jesus, sa loob ng malalim na pakikipag-ugnayan sa komunidad, napapalibutan ng mga kaibigan, tumatanggap at tinatanggap sa hapag-kainan, at nagpapahayag ng tapat na pagsaksi.

Sa loob din ng komunidad na ito, pinagtitibay natin na may mga nananalig na tinawag sa buhay ng pag-aasawa. Bilang binigyang kahulugan sa Genesis, "ang lalaki ay lilisan sa kanyang ama at ina at makikiisa sa kaniyang asawang babae, at sila ay magiging isang katawan." (Genesis 2:24) Ang tipan ng pag-aasawa, isang pagpapahayag ng pakikipagtipan sa pagitan ng Diyos at ng mga tao ng Diyos, ay isang eksklusibong tapat na sekswal na buhay, hindi makasariling paglilingkod, at isang panlipunang pagsaksi. Ang babae at lalaki ay pampublikong nagtatalaga ng kanilang sarili sa isa't isa bilang saksi sa kaparaanan ng pag-ibig ng Diyos. Ang malalim na pagsasama sa pag-aasawa ay ginawa para ipakita ang pagsasama ni Cristo at ng simbahan, isang misteryo ng kagandahang-loob ng Diyos. Layunin din ng Diyos sa sakramentong pagsasama ng lalaki at babae ay maranasan ang kagalakan at kasiyahan sa sekswal na karanasan at sa gawang ito nang malalim na pagsasama ay isang bagong buhay ang

dumarating sa mundo at nakikiisa sa isang tipang-komunidad ng pangangalaga. Ang tahanang nakasentro-kay-Cristo ay dapat magsilbing tahanan ng espiritwal na paghuhubog. Ang simbahan ay dapat na magbigay nang higit na malasakit sa paghuhubog ng pag-aasawa sa pamamagitan ng pagbibigay payo bago sila ikasal at pagtuturo na nagpapahayag ng kabanalan ng pag-aasawa.

Ganunpaman, kasama sa kuwento ng Kasulatan ang malungkot na kabanata ng pagkasira ng hangarin ng tao sa Pagkahulog [nito], na nagdulot sa mga pag-uugali na nag-aangat sa kapangyarihan-ng-sarili, pagsira at pagturing sa iba na pawang mga bagay, at nagpapadilim sa paraan ng mga hangarin ng tao. Bilang mga nahulog na nilalang, naranasan natin ang kasamaang ito sa bawa't antas [ng buhay]—personal at pangkalahatan. Ang mga pamunuan at may kapangyarihan sa isang nahulog na sanlibutan ay nalubog sa kasinungalingan patungkol sa ating sekswalidad. Ang ating mga hangarin ay naging buktot at tayo ay bumaling sa ating mga sarili [sa halip na sa Diyos]. May pag-aambag din tayo sa pagkasira ng mga nilikha sa pamamagitan ng ating sariling pagpipili na labagin ang pag-ibig ng Diyos at mamuhay sa ating sariling pamantayan nang hiwalay sa Diyos.

Ang ating pagiging basag sa mga lugar ng sekswalidad ay nakikita sa iba't ibang anyo nito, ang iba sa mga ito ay dahil sa ating sariling pagpipili at ang iba naman ay nangyayari sa ating mga buhay sa pamamagitan ng basag na mundo. Ganunpaman, ang kagandahang-loob ng Diyos ay sapat para sa ating mga kahinaan, sapat para ihatid tayo sa pananalig, pagbabago, at pagpapabanal sa ating buhay. Dahil dito [at] para maiwasan ang pagdagdag sa pagkabasag na hatid ng kasalanan at para maging saksi sa kagandahan at sa natatanging banal na layunin ng Diyos para sa ating mga katawan, naniniwala tayo na ang mga kasapi ng katawan ni Cristo, binigyang kakayahan ng Espiritu, ay may kakayahan at dapat na umiwas [sa mga sumusunod]:

- **Ang pakikipagtalik labas sa pag-aasawa at ibang anyo ng hindi nararapat na pagsasamang sekswal.** Dahil naniniwala tayo na layunin ng Diyos sa ating sekswalidad ang ipamuhay ito sa isang

tipang-pagsasama sa pagitan ng isang babae at isang lalaki, naniniwala tayo na ang mga gawaing ito ay madalas humahantong sa pagtuturing na parang bagay sa iba sa loob ng pakikipag-ugnayan. Sa lahat ng mga anyo nito, may kakayahan din itong sumira sa ating kakayahan na pumasok sa isang maganda at may kabanalang Kristiyanong pag-aasawa sa buo nating pagkatao.

• **Gawang sekswal sa pagitan ng dalawang magkaparehong kasarian.** Dahil naniniwala tayo na layunin ng Diyos para sa ating sekswalidad na ipamuhay ito sa isang tipanang pagsasama sa pagitan ng isang babae at isang lalaki, naniniwala tayo na ang gawain ng magkaparehong kasarian sa pakikipagtalik ay salungat sa kalooban ng Diyos para sa sekswalidad ng tao. Bagama't ang pagiging homosekswal at bi-sekswal na pagkaakit ay may masalimuot at iba't ibang pinanggagalingan, at ang implikasyon nito sa tawag sa pagiging dalisay sa sekswal ay may [mahal o] mabigat na kabayaran, naniniwala tayo na ang kagandahang-loob ng Diyos ay sapat para sa tawag na ito. Kinikilala natin ang pinagkasunduang responsibilidad ng katawan ni Cristo para maging mapagtanggap, mapagpatawad, at mapagmahal na komunidad na kung saan ang malugod na pagtanggap, pagpapalakas, pagbabago, at pananagutan ay bukas para sa lahat.

• **Mga *extra-marital* sa sekswal na relasyon.** Dahil naniniwala tayong ang pag-uugaling ito ay paglabag sa mga sinumpaan natin sa Diyos at sa loob ng katawan ni Cristo, ang pangangalunya ay isang gawang makasarili, isang mapanira sa pamilya na pag-iisip, at isang pagkakasala sa Diyos na nagmahal sa atin nang dalisay at tapat.

• **Diborsyo.** Dahil sa ang pag-aasawa ay para sa isang habang-buhay na pag-sasama, ang pag-sira sa tipan ng pag-aasawa, ito man ay kagustuhan na isa o pagpipili ng mag-asawa, ay kapos sa napakagandang layunin ng Diyos. Ang simbahan ay dapat mangalaga sa pagpapanatili ng pagsasama ng mag-asawa sa paraan na matalino at possible, at mag-alok ng payo at kagandahang-loob para sa mga nasaktan ng diborsyo.

• **Mga gawain gaya ng poligamiya (pagkakaroon ng maraming asawa).** Dahil naniniwala tayo na ang katapatan ng Diyos sa kaniyang pangako ay ipinapahayag sa isang monogamiya na pagsasama

ng lalaki at babaeng asawa, ang mga gawain ng pagkakaroon ng maraming asawa ay umaalis sa natatangi at eksklusibong katapatan na siyang layunin ng pag-aasawa.

Ang kasalanang sekswal at pagkabasag ay hindi lamang personal kundi lumalaganap din sa mga sistema at struktura ng sanlibutan. Dahil dito, bilang pagbibigay saksi sa reyalidad ng kagandahan at natatanging banal na mga layunin ng Diyos naniniwala rin tayo na dapat umiwas ang simbahan sa mga sumusunod at itaguyod ito nang may pagtututol:

- **Pornograpiya sa lahat ng mga anyo nito, na isang hangarin malikot.** Ito ay pagtuturing sa tao na parang isang bagay para sa makasariling kasiyahang sekswal. Ang gawaing ito ay sumisira sa ating kakayahan na umibig nang hindi makasarili.
- **Karahasang sekswal sa lahat ng anyo, kasama na ang panggagahasa, pagsasamantala, sekswal na pambu-*bully*, galit na mga pananalita, pag-aabuso sa asawa, pagsamantala sa kapamilya o kamag-anak, sekswal na pag-trapiko, pwersadong pag-aasawa, pagtutuli sa mga kababaihan, pakikipagtalik sa hayop, sekswal na panliligalig, at mga pang-aabuso sa mga murang gulang at sa mga iba pa na walang kakayahang magtanggol ng kanilang sarili.** Lahat ng tao at sistema na sumusulong sa pagiging marahas sa sekswal ay paglabag sa utos ng pag-ibig at sa pangangalaga sa kapwa. Ang katawan ni Cristo ay dapat maging lugar ng katarungan, pangangalaga, at kagalingan para sa mga naapektuhan, nakakaranas, at patuloy na nagiging biktima na karahasang sekswal. Ang murang gulang ay tumutukoy sa taong nasa wala pa sa edad na 18, maliban na lang na ang edad na pangkalahatan ay umabot sa itinakdang edad ng isang bansa na may pagsasabatas nito.

Dahil dito, pinagtitibay natin ang:

- **Kung saan ang kasalanan ay dumarami, ang kagandahang-loob ng Diyos ay higit na nananagana.** Maaaring ang epekto ng kasalanan ay pandaigdigan at pangkalahatan, ang kapangyarihan

ng kagandahang-loob ng Diyos ay isa ring pandaigdigan at pangkalahatan. Kay Cristo, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay binabago sa wangis ng Diyos. Wala na ang dating pagkatao, ang bago ay dumating na. Bagaman ang paghuhubog ng ating buhay bilang mga bagong nilalang ay dahan-dahang proseso, ang kagalingan mula sa Diyos ay epektibo sa pagbibigay lunas sa pagkabasag ng tao sa mga lugar ng sekswalidad.

• **Ang katawan ng tao ay templo ng Banal na Espiritu.** Pinagtitibay natin ang pangangailangan para sa ating sekswalidad na umayon sa kalooban ng Diyos. Ang ating mga katawan ay hindi natin pagaari, kundi tinubos ng Diyos nang may halaga. Dahil dito, tinawag tayo na luwalhatiin ang Diyos sa ating mga katawan sa pamamagitan ng isang buhay na may pagsunod.

• **Ang mga tao ng Diyos ay pinagkalooban ng tanda ng banal na pag-ibig.** Pinagtitibay natin na, higit sa lahat ng birtud, ang mga tao ng Diyos ay dapat magsuot sa kanilang sarili ng pag-ibig. Ang mga tao ng Diyos ay palagiang tumatanggap sa mga basag na tao sa ating mga pagtitipon. Ang gayong pagtanggap ay hindi pagbalewala sa pagsuway ng isang tao o hindi pagsang-ayon na makiisa nang may pagtutubos sa pagkilala o pag-alam sa ugat ng pagkabasag. Ang pagpapanumbalik sa tao sa wangis ni Jesus ay nangangailangan ng pagpapahayag ng kamalian, kapatawaran, mga gawaing paghuhubog, pagpapabanal, at banal na pagpapayo—nguni't higit sa lahat, kasama nito ang pagtanggap nang may pag-ibig na nagaanyaya sa basag na tao na maging kasama sa sirkulo ng kagandahang-loob ng Diyos na kilala bilang simbahan. Kung tayo ay mabibigo para harapin ang kasalanan at pagkabasag, tayo ay hindi umiibig. Kung tayo ay mabibigo na umibig, hindi tayo maaaring makasali sa pagpapagaling na ginagawa ng Diyos sa mga nasa katayuan ng pagkabasag.

Bilang pandaigdigang simbahan tinatanggap at pinaglilingkuran natin ang mga tao sa mundo, ang tapat na pagsasabuhay sa mga kapahayagang ito bilang kongregasyon ay masalimuot at dapat na pairalin nang may pag-iingat, kababaang-loob, katapangan, at pagkakaroon ng kaalaman.

(Genesis 1:27; 19:1-25; Levitico 20:13; Roma 1:26-27; 1 Corinto 6:9-11, 15-20; 1 Timoteo 1:8-10)

# 23
## Ang Pangangasiwa

**32 Ang Kahulugan ng Pangangasiwa.** Tinuturo ng Kasulatan na ang Diyos ay siyang nagmamay-ari ng lahat ng tao at lahat ng bagay. Dahil dito, tayo ay Kaniyang mga katiwala o tagapangasiwa ng parehong buhay natin at mga pag-aari natin. Ang pagmamay-ari ng Diyos at pangangasiwa natin ay dapat kilalanin, sapagkat tayo ay personal na pananagutin ng Diyos sa lahat ng pagkilos bilang tagapangasiwa. Ang Diyos, bilang Diyos ng sistema at kaayusan sa lahat ng Kaniyang kaparaanan, ay nagtayo ng sistema ng pagbibigay na kumikilala sa Kaniyang pag-aari sa lahat ng mga pinagkukunan at relasyon ng mga tao. Para sa kaganapan nito, ang lahat ng mga anak Niya ay dapat na maging tapat sa pagbibigay ng ikapu at sa paghahandog ng mga kaloob para sa suporta sa mabuting balita.

(Malakias 3:8–12; Mateo 6:24–34; 25:31–46; Marcos 10:17–31; Lucas 12:13–24; 19:11–27; Juan 15:1–17; Roma 12:1–13; 1 Corinto 9:7–14; 2 Corinto 8:1–15; 9:6–15; 1 Timoteo 6:6–19; Hebreo 7:8; Santiago 1:27; 1 Juan 3:16–18)

**32.1 Ang Kamalig ng Pagbibigay Ikapu.** Ang kamalig ng pagbibigay ikapu ay isang naaayon sa kasulatan at praktikal na pagsasagawa sa matapat at regular na pagbibigay ng ikapu sa simbahan na kung saan ang nagbibigay ay kasapi. Dahil dito, ang pananalapi ng simbahan ay nakabase sa plano kaugnay sa kamalig ng pagbibigay ng ikapu, at ang lokal na *Church of the Nazarene* ay dapat ituring nang lahat na ating kamalig ng pagbibigay ng ikapu. Lahat ng mga kasapi

ng *Church of the Nazarene* ay hinihikayat na makibahagi nang may katapatan sa isa-sa-sampu ng lahat ng kanilang tinatanggap bilang pinakamababang pananalaping obligasyon sa Panginoon at ang mga kusang handog ay karagdagan nang naaayon sa pagpapala ng Diyos sa kanila para sa suporta ng buong simbahan, lokal, distrito, pang-edukasyon, at pangkalahatan. Ang mga ikapu na ibinigay sa *Church of the Nazarene* ay dapat na ituring na prayoridad sa lahat ng mga oportunidad sa pagbibigay na maaaring ilagak ng Diyos sa puso ng Kaniyang mga tapat ng tagapangasiwa para sa suporta ng buong simbahan.

**32.2 Pangangalap ng Pundo at Pamamahagi.** Sa liwanang ng katuruan ng Kasulatan patungkol sa pagbibigay ng mga ikapu at mga kaloob para sa suporta ng mabuting balita, at para sa pagtayo ng mga gusali para sa simbahan, walang *Nazarene* ang dapat maki-isa sa anumang paraan ng pangangalap ng pundo na lilihis sa mga prinsipyong sumusunod: pagiging hadlang sa mabuting balita, mag-paparumi sa pangalan ng simbahan, magtatangi sa mga mahihirap, o magbabaling sa lakas ng mga tao mula sa pagpapalaganap ng mabuting balita.

Sa pagbabayad para sa mga pangangailangan ng lokal, distrito, mga paaralan, at pangkalahatang mga programa ng *Church of the Nazarene*, ang mga lokal na simbahan ay hinihikayat na magplano at gumawa ng nararapat na plano para sa pananalapi, at magbayad sa pangkalahatan, sa mga paaralan, at sa distrito ng buwanang paghahati-hati ng tungkulin sa pananalapi.

(130, 153, 154–154.2, 516.13)

**32,3 Supurta para sa Ministeryo o mga Gawain.** "Sa ganito rin namang paraan, iniutos ng Panginoon na ang mga tumanggap ng Mabuting Balita ay dapat tumulong sa mga pangangailangan ng mga nangangaral ng Mabuting Balita para mabuhay sila." (1 Corinto 9:14). Tungkulin ng simbahan na suportahan ang mga manggagawa nito, na mga tinawag ng Diyos, at, sa ilalim ng pamumuno ng pangkalahatang simbahan, ay nagkaloob ng kanilang mga sarili para sa paglilingkod ng simbahan at mga gawain nito. Kung kaya't ating hinihimok ang lahat ng mga kasapi ng simbahan na boluntaryong

magtalaga ng kanilang sarili sa gawain ng pagsuporta sa mga gawain sa pamamagitan ng paglikom ng lingguhang mga kaloob para sa banal na gawaing ito, at ang suporta sa pastor ay dapat ibigay nang tapat lingo-linggo.

**32.4 Mga Kaloob Para sa Simbahan, Isang Plano at Ipinagpaliban na Pagbibigay.** Mahalaga sa pagsasagawa ng pangangasiwa ang isang maingat na pagsasaayos na pamamahagi ng pananalapi at mga ari-arian na ipinagkatiwala ng Panginoon sa buong buhay ng nagmamay-ari ng mga ito. Ang *Church of the Nazarene*, bilang pagkilala sa tapat na pangangasiwa sa buhay na ito at sa ipinagkaloob ng Diyos na hangarin na mag-iwan ng legasiya para sa kinabukasan, ay nagtayo ng *Church of the Nazarene Foundation* para mapalakas ang Kristiyanong pangangasiwa sa pamamagitan ng nakaplano at ipinagpaliban na pagbibigay. Ang mga batas sibil ay madalas walang batas para sa pagbibigay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang bawa't Kristiyano ay dapat magbigay pansin sa paghahanda ng kanilang mga huling habilin at mga pamana para sa maingat at legal na paraan na pagbibigay, at ang *Church of the Nazarene* sa pamamagitan ng iba't ibang mga gawain nito—sa misyon, pagbabahagi ng mabuting balita, pagtuturo, at mga kawanggawa sa lokal, distrito, mga paaralan, at pangkalahatang simbahan ay dapat bigyan ng konsidirasyon.

**32.5 May Pagsasama-samang Responsibilidad para sa Misyon ng Denominasyon.** Ang pamamahala ng *Church of the Nazarene* ay kinatawan. Ang bawa't kongregasyon ay sumusuporta sa pangkalahatang misyon ng simbahan ayon sa Pangkalahatang Pagtitipon at ipinapairal sa pamamagitan ng pangunguna ng Lupon ng Pangkalahatang Superintendente sa pagbabahagi ng mabuting balita sa sanlibutan, sa mga paaralan, suporta ng ministeryo, at mga gawain sa distrito.

Ang Lupon ng mga Pangkalahatang Superintendente at ang Pangkalahatang Lupon ay binigyan ng kapangyarihan para bumuo, magbago, at magpanatili ng isang sistema para sa paglilikom ng *World Evangelism Fund* (*WEF*) at magbigay ng mga mithiin para sa

pananalapi at mga responsibilidad para sa mga lokal na simbahan sa pamamagitan ng mga pagtitipon ng distrito.

May pagpapasailalim ng *paragraph* 337.1, ang mga lupon sa bansa at/o konsehong tagapayo ng rehiyon ay binigyan ng kapangyarihan na gumawa ng isang plano para sa pagriritiro ng mga manggagawa sa kanilang rehiyon. Ang pag-uulat sa nasabing plano ay dapat naaayon sa *paragraph* 337.2. Ang mga probisyon sa *paragraph* 32.5 ay hindi para sa Lupon para Pensiyon at mga Benipisyo *USA*.

Ang mga lupon sa bansa at/o konsehong tagapayo ng rehiyon ay binigyan din ng kapangyarihan para gumawa ng suporta para mga mataas na paaralan ng rehiyon.

Ang bawa't distrito ay binigyan din ng kapangyarihan na gumawa ng mga mithiin para sa pananalapi at mga responsibilidad para sa mga lokal na simbahan para sa suporta ng mga gawain sa distrito sa pamamagitan ng *District Assembly Finance Committee*.

(238.1, 317.10, 345, 346.3)

# 24
## Panuntunan para sa mga Opisyal ng Simbahan

**33** Binibigyan natin ng tungkulin ang ating mga simbahan na pumili ng mga opisyal ng simbahan na mga aktibong kasapi ng lokal na simbahan na may pagpapahayag ng kanilang karanasan sa ganap na pagpapabanal at ang kanilang mga buhay ay nagpapakita ng pagsaksi sa kagandahang-loob ng Diyos na nanawagan sa atin sa isang banal na pamumuhay; na may pakikiisa sa mga katuruan, polisiya, at mga gawain ng *Church of the Nazarene*; at tapat na sumusuporta sa lokal na simbahan sa pamamagitan ng pagdalo sa mga gawain, pakikiisa sa mga gawain, at pagbibigay ng mga ikapu at mga kaloob. Ang mga opisyal ng simbahan ay dapat ganap na nakikiisa sa "paggawa ng mga alagad na katulad-ni-Cristo sa mga bansa."

(113.11, 127, 145–147)

**34** Saklaw ng nauukol na batas, ang Mga Artikulo ng Inkorporasyon at mga Tuntunin ng pamamahala sa Manwal, ang mga pagtitipon at mga paglilitis ng mga kasapi ng *Church of the Nazarene*, lokal, distrito, at pangkalahatan, at mga komite ng korporasyon ay nasa ilalim ng mga regulasyon at panuntunang naaayon sa *Robert's Rules of Order Newly Revised* (*latest edition*), para sa pamamaraang parlyamentaryo (113, 205, 300.3).

**35** Ang mga probisyon ng Tipan ng Kristiyanong Pag-uugali ay maaaring ipawalang-bisa o baguhin kapag pinagkasunduan ito ng dalawa-sa-tatlo na boto ng mga kasaping naroroon at bumubuto sa isang pagkakataon ng Pangkalahatang Pagtitipon.